

Si Ernesto Constantino at ang Wikang Filipino:
Intelektuwal na Talambuhay ng isang Haligi ng
Lingguwistika at Pagpaplanong Pangwika sa Pilipinas /
*Ernesto Constantino and the Filipino Language:
Intellectual Biography of a Pillar of Linguistics
and Language Planning in the Philippines*

Jay Israel B. De Leon
De La Salle University, Manila
jay_deleon@dlsu.edu.ph

Pinag-aaralan sa papel na ito ang buhay at produksiyong intelektuwal ni Ernesto A. Constantino (1930–2016). Sa pamamagitan ng isang intelektuwal na talambuhay, ipinapakahulugan at ipinopook ang mga ideya ni Constantino sa mas malawak na kasaysayan ng kaniyang lipunang ginagalawan. Ipinakikita ng papel na ito ang katayuan ni Constantino bilang isang haligi ng lingguwistika at pagpaplanong pangwika sa Pilipinas. Lubusang naging aktibo si Constantino sa pakikibahagi sa dalawang kumbensiyong konstitusyonal (1971–1972 at 1986), na isa sa mahahalagang isyung pinagtalunan ang probisyon sa wikang pambansa. Isang lingguwista at tunay na tagapagtaguyod ng pambansang pagkakaisa at pagkakakilanlan, naghandog si Constantino ng solusyon sa matatawag na “rehiyonalismong pangwika” sa pamamagitan ng *universal approach* sa pagbubuo ng wikang pambansang ngayoy kinikilala bilang Filipino. Nahahati ang papel na ito sa apat na sustantibong seksiyon: (1) talambuhay ni Constantino, (2) si Constantino bilang isang lingguwista, (3) si Constantino at pagpaplanong pangwika, at (4) si Constantino bilang poklorista. Sa huli, binibigyang diin ang hindi matatawarang kontribusyon ni Constantino hindi lamang sa kaniyang larangan, kundi sa lipunang Pilipino sa pangkalahatan. Sa pamamagitan ng kaniyang intelektuwal na talambuhay, ipinakikita na si Constantino ay hindi pasibo kundi isang aktibong ahente ng pagbabagong panlipunan.

Mga Susing Salita: Ernesto Constantino, lingguwistikang Pilipino, pagpaplanong pangwika sa Pilipinas, wikang Filipino, intelektuwal na talambuhay

This paper studies the intellectual life and production of Ernesto A. Constantino (1930–2016). Through an intellectual biography, Constantino's ideas are interpreted and contextualized in the bigger history of his society. This paper shows the status of Constantino as a pillar of linguistics and language planning in the Philippines. Constantino became very active in participating in two constitutional conventions (1971–1972 and 1986), where one of the most important issues tackled was the provision on national language. A linguist and a true advocate of national unity and identity, Constantino offered a solution to what can be called “language regionalism” through the universal approach in developing the national language now called Filipino. This paper is divided into four substantive sections: (1) biography of Constantino, (2) Constantino as a linguist, (3) Constantino and language planning, and (4) Constantino as a folklorist. In the end, the paper emphasizes the significant contributions of Constantino not only to his field but also to the Filipino society in general. Through his intellectual biography, Constantino is viewed as an active agent of social change.

Keywords: Ernesto Constantino, Philippine linguistics, language planning in the Philippines, Filipino language, intellectual biography

Panimula

Isang mahalagang katangian ng Konstitusyon ng 1987 ang nilalaman nitong probisyon sa wika. Ipinahahayag dito ang konsepto ng wikang pambansa ng Pilipinas sa kasalukuyan: isang wikang “dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika” (LWP 55). Sapagkat isang bansang multilingguwal ang Pilipinas, naging isang maselang usapin ang pagsasakongstitusyon ng isang wikang pambansang kakatawan sa mga grupong may sari-sariling (ngunit magkakaugnay na) wika at kalinangan. Isang matibay na palatandaan nito ang mahabang kasaysayan ng pagsususog ng konstitusyon sampu ng pagbabago sa itinatakda ng wikang pambansa. Sa kasalukuyan, ang wikang pambansa ng Pilipinas ayon sa konstitusyon ay ang wikang Filipino—isang probisyong dumaan sa maraming mga pagdinig, debate, at pag-aaral magmula pa noong dekada 70 hanggang dekada 80 na dalawang beses na bumalangkas ng bagong konstitusyon ng Pilipinas. Sa panahong ito, nagkaroon ng mahalagang papel ang Unibersidad ng Pilipinas (UP), partikular ang mga lingguwista nito. Isa na rito si Dr. Ernesto A. Constantino (1930–2016) na nanungkulan bilang tagapangulo ng UP Department of Oriental Languages and Linguistics at UP Department of Filipino

and Philippine Literature noong Kumbensiyong Konstitusyonal ng 1971–1972. Siya ang nagpaliwanag sa universal approach na iminungkahi ng mga lingguwista ng UP na gamitin sa pagbubuo ng isang wikang pambansang tatawaging “Filipino” na kaiba sa wikang Pilipino. Sa loob ng mahabang panahon, ginugol ni Constantino ang kaniyang lakas sa pananaliksik tungkol sa mga katutubong wika ng Pilipinas, partikular ang kanilang magkakatulad na estruktura, sa layuning mapagtibay at maitaguyod ang isang konsepto ng wikang pambansang hindi lamang batay sa Tagalog kundi batay sa lahat ng wika ng Pilipinas. Kaya naman, maituturing si Constantino bilang isang susing tauhan sa pagpapatibay sa Filipino bilang wikang pambansa nang mapagtibay ang isang bagong konstitusyon noong 1987. Sa ganang mananaliksik, maituturing din si Constantino bilang isang haligi ng lingguwistika at pagpaplanong pangwika sa Pilipinas.

Mga Layunin ng Pag-aaral

Sa pangkalahatan, nilalayan ng papel na ito na pag-aralan ang buhay at produksiyong intelektuwal ni Constantino. Sa partikular, nakatuon ito sa mga ideya at gawain ni Constantino bilang isang lingguwista. Nahahati ang pagtalakay sa apat na sustantibong

seksiyon: (1) talambuhay ni Constantino, (2) si Constantino bilang lingguwista, (3) si Constantino at pagpaplanong pangwika, at (4) si Constantino bilang poklorista. Isinasalaysay sa unang seksiyon ang mga mapanghubog na taon sa buhay ni Constantino, mula sa kaniyang kapanganakan, edukasyon, propesyunal na buhay bilang isang edukador sa UP, hanggang sa kaniyang pagpanaw. Nakatuon naman ang ikalawang seksiyon sa siyentipikong pag-aaral ni Constantino sa wika. Tinatalunton dito ang pagsisimula ng kaniyang interes sa lingguwistika at kaniyang mga impluwensiyang intelektuwal sa Pilipinas at Estados Unidos. Ipinakikita rin dito ang kaniyang mahahalagang ambag sa disiplina ng lingguwistika sa Pilipinas. Tinatalakay naman sa huling dalawang seksiyon ang mga intelektuwal na preokupasyong nakaangkla sa kaniyang pagiging lingguwista. Sa ikatlong seksiyon, tinitingnan kung paano inilapat ni Constantino ang kaniyang kaalaman sa lingguwistika sa kaniyang pakikisangkot sa paghahanap ng solusyon sa mga suliraning pangwika ng Pilipinas sa kaniyang panahon. Sa ikaapat na seksiyon, itinatampok naman ang kaniyang mga pagsisikap upang idokumento at isalin ang mga panitikang bayan ng iba't ibang grupong etnolingguwistiko sa Pilipinas.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Isang mahalagang ambag ang pag-aaral na ito sa historiograpiyang Pilipino sapagkat makikita ang isang puwang sa literatura ng mga talambuhay ng mga Pilipinong intelektuwal na nararapat lamang mapunan ng talambuhay ni Constantino. Kung mayroon mang naisulat tungkol sa kaniya, ito'y mga pagbanggit lamang sa mga akda tungkol sa kasaysayan ng kilusan para sa wikang pambansa ng Pilipinas. Kaya naman, masasabing wala pang komprehensibong pagtalakay sa kaniyang kabuuang buhay-intelektuwal. Sa pag-aaral na ito, higit pa sa pagbanggit, inilalagay si Constantino sa sentro ng naratibo at binibigyan ng karampatang pagkilala ang kaniyang instrumental na papel sa pagdadalumat at pagsasakonsitasyon ng wikang Filipino bilang wikang pambansa. Sa ganang mananaliksik, makikitang hindi lamang isang talambuhay ang pag-aaral na ito bagkus isa rin itong kasaysayang institusyonal sapagkat sinasaklaw rin nito ang kasaysayan ng wikang Filipino mismo.

Metodolohiya

Pangangalap ng Datos: Dahil sa kalikasang biograpikal ng pag-aaral, gumamit ito ng pangkasaysayang lapit sa pangangalap ng datos, partikular na ang dokumentaryong pananaliksik. Mabigat ang pagpapahalagang ibinibigay ng pag-aaral na ito sa mga primaryang batis. Para sa unang sustantibong seksiyon, ang talambuhay ni Constantino, nagsimula ang pangangalap ng datos sa isang curriculum vitae na matatagpuan sa Internet na huling binago noong 1999. Nakatala rito ang personal na impormasyon katulad ng petsa at lugar ng kapanganakan, antas ng pinag-aralan, at mga posisyong hinawakan sa loob at labas ng UP. Lubusan ding nakatulong bilang batis ng impormasyon tungkol sa kaniyang personal na buhay ang isang bionote na sinulat mismo ni Constantino na matatagpuan sa dulo ng kaniyang disertasyong "A Generative Grammar of a Dialect of Ilocano" (1959). Binuo naman muli ang kaniyang propesyunal na buhay bilang isang edukador sa UP sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga katitikan ng pagpupulong ng Lupon ng mga Rehente ng UP. Lubusan ding nakatulong ang doktoral na disertasyon ni Jovita Orara noong 1989 na isinaaklat sa pamagat na *Ang Papel ng UP sa Kilusan para sa Wikang Pambansa* (1993) at ang panayam ng mananaliksik sa asawa ni Constantino na si Dr. Pamela Constantino na isa ring kinikilalang iskolar ng wikang Filipino. Nagtapos siya ng AB, MA, at PhD Philippine Studies sa UP. Katulad ng kaniyang asawa, naging propesor din siya sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP at nanungkulan din bilang tagapangulo nito. Kabilang sa kaniyang mga naisulat ang isang komprehensibong pag-aaral tungkol sa pagpaplanong pangwika sa tatlong bansang multilingguwal sa Timog-silangang Asya na pinamagatang *Pagpaplanong Pangwika tungo sa Modernisasyon: Karanasan ng Malaysia, Indonesia at Pilipinas* (1991) na nagkaroon siya ng maikling talakay tungkol sa kaniyang asawa. Itinatampok niya ang naging papel ni Constantino sa 1971–1972 Kumbensiyong Konstitusyonal at binabanggit din ang kahalagahan ng mga pag-aaral ni Constantino sa *deep structure* (malalim na estruktura) ng mga wika ng Pilipinas na naglatag sa mga pundasyon ng universal approach. Ayon pa sa kaniya, nabibilang si Constantino sa pangkat na naniniwalang Filipino ang "linggwa frangka sa buong Pilipinas na ginagamit ng mga taong magkakaiba ang wikang sinasalita" na

siyang “solusyon sa problema ng wikang pambansa” (Constantino 83–84).

Para sa susunod na tatlong sustantibong seksiyon tungkol sa tatlong aspekto ng buhay-intelektuwal ni Constantino, nagsimula rin ang pangangalap ng datos sa curriculum vitae na binanggit sa itaas. Karamihan sa mga batis na ginamit para talakayin ang mga ideya ni Constantino ay nagmula rito. Inililista nito ang mga publikasyon ni Constantino, kabilang ang mga aklat na inilathala sa loob at labas ng Pilipinas, mga artikulo na inilathala sa loob at labas ng Pilipinas, *in-press*, at mga inihahanda pa lamang para sa publikasyon. Hinanap din ng mananaliksik sa mga aklatan ng UP ang mga publikasyon ni Constantino na hindi saklaw ng listahang nasa curriculum vitae. Pumili lamang ng ilang publikasyon ni Constantino batay sa mga sumusunod na konsiderasyon: (1) availability ng at akses sa mga materyal at (2) nakikitang krusyalidad ng isang publikasyon upang maunawaan ang partikular na aspekto ng buhay-intelektuwal ni Constantino. Partikular sa kaniyang pakikisangkot sa 1971–1972 Kumbensiyong Konstitusyonal, dalawang pangunahing batis ang ginamit: ang mga katitikan ng mga pagpupulong na tinipon sa librong *Let's Study the New Constitution: The Language Provision* (1973) ni Leopoldo Yabes at ang mga sanaysay ni Constantino sa librong *Filipino o Pilipino: Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura* (1974). Para naman sa kaniyang pakikisangkot sa 1986 Komisyong Konstitusyonal, pangunahing batis na ginamit ang tomo 4 ng mga katitikan ng *The Constitutional Commission of 1986*.

Konseptuwal na Balangkas: Ang pag-aaral na ito ay isang intelektuwal na talambuhay. Karaniwang itinuturing ang intelektuwal na talambuhay bilang isa sa maraming larang ng kasaysayang intelektuwal. Samantalang tinitingnan ng kasaysayang intelektuwal ang mas malaking larawan ng pag-unlad ng mga ideya sa isang lipunan sa loob ng isang tiyak na panahon, nakapokus naman ang intelektuwal na talambuhay sa pag-unlad ng mga ideya ng isang indibidwal. Para naman sa ibang historyador, nabibilang ang intelektuwal na talambuhay sa mas espesipikong larang ng “kasaysayang panlipunan ng mga intelektuwal” (Wickberg 384). Ayon kay Wickberg, interesado ang kasaysayang panlipunan sa mga tekstong isinulat ng mga intelektuwal bilang mga tala ng karanasan, at tinitingnan nito ang mga ideya kaugnay ng mga institusyong panlipunan at konteksto (384). Sa ganang

ito, may mga natatanging pinagkakaabalahan ang intelektuwal na talambuhay na hindi nabibigyang-diin sa isang karaniwang talambuhay. May natatangi rin itong lapit at pagtrato sa paksa.

Sa sarbey ng mga intelektuwal na talambuhay, nakatukoy ang mananaliksik ng tatlong temang nangingibabaw. Una, katulad ng sinasabi ni Wickberg, ipinakikita ng isang intelektuwal na talambuhay ang interaksyon ng mga ideya at kanilang konteksto. Ipinapalagay nito na ang kapaligiran ay may tuwirang impluwensiya sa kaisipan ng tao. Sa kaniyang isinulat na intelektuwal na talambuhay ni Rene Descartes, sinasabi ni Gaukroger na ang isang intelektuwal na talambuhay ay “nagbibigay-linaw sa mga gawaing intelektuwal ng taong pinag-aaralan hindi lamang sa pamamagitan ng paglalalatag ng kronolohikal na pagkakasunod-sunod ng mga naturang gawain, kundi sa pamamagitan ng paglalalatag ng rasyunal para sa kanila batay sa motibasyon ng taong pinag-aaralan at sa partikular na kultural at intelektuwal na konteksto na nahubog at nagbunga ang mga motibasyong iyon” (8; akin ang salin). Ganito rin ang lapit ni Pickering sa pagsulat ng intelektuwal na talambuhay ni Auguste Comte, na sinisiyasat “hindi lamang ang kaisipan ni Comte kundi maging ang kaniyang buhay-personal at pampamilya, pati na rin ang kultural, intelektuwal, sosyal, at politikal na kapaligirang tumulong upang hubugin ang kaniyang pananaw” (2; akin ang salin). Sa pamamagitan din ng pagbabalik sa mga teksto sa kanilang intelektuwal at historikal na konteksto, naiwawaksi ang mga nabuong miskonsepsiyon tungkol sa taong pinag-aaralan (Antognazza 5). Ikalawa, nagbibigay-daan ang intelektuwal na talambuhay sa mas mabuting pag-unawa sa mas malawak na kasaysayan at lipunan kung saan at kailan nabuhay ang taong pinag-aaralan. Sa kaniyang isinulat na intelektuwal na talambuhay ni Jurgen Habermas, sinasabi ni Specter na “ang mga teoretikal at politikal na sulatin ni Habermas ay nagbibigay ng pribilehiyadong punto-de-bista na maaaring muling isaalang-alang ang kasaysayang Aleman noong ika-20 siglo” (1; akin ang salin). Ganito rin ang pananaw ni Ringer sa pagsulat ng intelektuwal na talambuhay ni Max Weber: “ang mga ideya ni Weber ay gumabay sa akin sa pag-unawa ng modernong kasaysayang sosyal at panlipunan ng Alemanya” (4; akin ang salin). Ikatlo, ang intelektuwal na talambuhay ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng mambabasa at ng taong pinag-aaralan at kaniyang mga akda. Hindi nito tinatangkang lagpasan

ang mga orihinal na gawa ng taong pinag-aaralan. Ayon kay Ringer: “Nais kong ihatid ang mga mambabasa sa mga teksto ni Weber at hindi maging kahalili ng mga ito. Ang aking layunin ay magbigay ng matibay na pundasyon para sa pagbabasa ng mga akda ni Weber at para sa mas intensibong pag-aaral ng kaniyang kaisipan” (3; akin ang salin).

Ginabayan din ng mga prinsipyong ito ang proseso ng pagsulat ng intelektuwal na talambuhay ni Constantino. Pinatutunayan din sa papel na ito na si Constantino at kaniyang mga ideya ay hindi pasibong produkto ng panahon at lipunan, kundi nakikibahagi rin sa pagbabago at pagsulong ng lipunang iyon.

Talambuhay ni Constantino

Kabataan at Edukasyon

Noong 25 Agosto 1930 sa bayan ng Santo Domingo, Nueva Ecija, isinilang si Ernesto Andres Constantino sa mag-asawang sina Placido Constantino at Gregoria Andres (Constantino 200; FamilySearch). Pangatlo siya sa pitong magkakapatid, limang lalaki at dalawang babae. Sa murang edad, nagpamalas na agad ng angking katalinuhan ang batang si Ernesto. Patunay rito ang kaniyang pagtatapos bilang valedictorian ng kaniyang klase sa Santo Domingo High School noong 1949 (Constantino 200). Makaraang magtapos sa paaralang sekondarya, lumuwas sa Kamaynilaan si Constantino upang ipagpatuloy ang kaniyang edukasyon. Bata pa lamang, masasabing malapit na sa puso ni Constantino ang wika, kaya nang pumasok siya sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) para sa kaniyang edukasyong pangkolehiyo, pinili niyang magpakadalubhasa rito. Bagamat makikilala si Constantino bilang tagapagtaguyod ng Filipino, nagsimula siya bilang mag-aaral ng wikang Ingles sa di-gradwadong antas. Sa kaniyang pananatili sa unibersidad, masasabing ipinagpatuloy niya at lalong pinag-ibayo ang angking kahusayan sa pag-aaral. Noong 1953, nagtapos siya bilang cum laude sa programang Bachelor of Arts (English) sa general weighted average na 1.68 (UP, *Minutes of the 561st Meeting* 83–84). Makaraang magtapos, agad na pumasok sa Graduate School ng UP si Constantino kung saan pinili niyang magpakadalubhasa sa lingguwistika (Constantino 200).

Nakadaupang-palad niya sa Graduate School si Cecilio Lopez, ang unang Pilipinong lingguwista,

na nanungkulan bilang tagapangulo ng Department of Oriental Languages mula noong 1945 hanggang 1963 (Constantino 26; Orara 73). Maituturing ang pagtatagpong ito bilang isang mapagpasyang pangyayari sa pakikisangkot ni Constantino sa kilusan para sa wikang pambansa noong dekada 70 at sa nalalabing panahon ng kaniyang buhay. Minsang naging student assistant ni Lopez si Constantino, at nakita niya ang potensiyal ng mag-aaral na ito (Orara 77). Sa kaniyang palagay, karapat-dapat si Constantino na maging kahalili niya, kaya naman hinimok niya ito upang magpatuloy sa panggradwadong pag-aaral sa lingguwistika sa ibang bansa (Orara 77; Constantino). Ganito nga ang nangyari noong 1955, nang aprubahan ng Lupon ng mga Rehente ng UP ang partial fellowship ni Constantino sa Cornell University upang lalo pang magpakadalubhasa sa lingguwistika sa loob ng isang taon (UP, *Minutes of the 589th Meeting* 13). Makaraan ang isang taon, hiniling niya ang pagdaragdag pa ng isang taon sa kaniyang fellowship sa Estados Unidos upang matapos ang kaniyang masters sa lingguwistika sa Indiana University na inaprubahan namang muli ng UP (UP, *Minutes of the 622nd Meeting* 13). Noong 1957 naman, muling pinahaba ang kaniyang fellowship (na naging full fellowship) ng isang taon upang matapos ang kaniyang doktorado sa lingguwistika sa Indiana University (UP, *Minutes of the 635th Meeting* 29). Ngunit hindi agad natapos ni Constantino ang kaniyang disertasyon sa ibinigay na isang taong palagit. Kaya naman, noong 1958, muling pinahaba ang kaniyang fellowship ng anim na buwan upang matapos ang kaniyang disertasyon at upang gumugol ng isang semestre sa Yale University para maging katuwang ni Isidore Dyen, isang Amerikanong lingguwista, sa pag-aaral ng mga wikang Malayo-Polinesyano (UP, *Minutes of the 651st Meeting* 29). Matapos ang halos apat na taong pananatili sa Estados Unidos, natapos ni Constantino ang kaniyang doktorado sa lingguwistika sa Indiana University noong 1959.

Karera sa UP

Sa kaniyang pagbabalik sa Pilipinas, agad siyang nabigyan ng posisyong pampagtuturo sa UP Department of Oriental Languages and Linguistics (DOLL). Noong 18 Hunyo 1959, itinalaga si Constantino bilang Katuwang na Propesor ng Lingguwistika (UP, *Minutes of the 663rd Meeting* 44). Sa pagtatapos ng kaniyang kontrata, agad siyang itinalaga sa isang bagong

posisyon. Noong Abril 1960, inaprubahan ng Lupon ng mga Rehente ng UP ang paglikha ng isang bagong posisyon ng Katuwang na Propesor ng Lingguwistikang Ingles, at itinalaga si Constantino sa posisyong ito sa loob ng tatlong taon (UP, *Minutes of the 672nd Meeting* 7). Noong 1 Pebrero 1963, itinalaga si Cecilio Lopez bilang Propesor Emeritus ng Lingguwistika kasabay ng kaniyang pagreretiro (UP, *Minutes of the 705th Meeting* 7). Dahil dito, maiiwanan niyang bakante ang posisyon ng tagapangulo ng DOLL. Gayunman, malinaw naman kung sino ang susunod sa kaniyang yapak bilang puno ng departamento—walang iba kundi ang kaniyang mag-aaral na si Constantino. Katulad ng nabanggit na, inalagaan ni Lopez si Constantino upang maging kahalili niya. Kasabay ng pagreretiro ni Lopez, itinalaga si Dr. Constantino bilang bagong tagapangulo ng DOLL (UP, *Minutes of the 705th Meeting* 6). Dahil dito, nakatitiyak si Lopez na maiiwanan niya ang departamento at ang lahat ng kaniyang nasimulan sa kakayahan at mahuhusay na kamay ni Constantino (Orara 77). Itinuturing ito ni Orara bilang “pagsasalin ng sariwang dugo” sa departamento (101).

Hindi pa man nagtatagal si Dr. Constantino sa kaniyang tanggapan bilang tagapangulo ng DOLL, kinailangan niyang tumungo sa Estados Unidos bilang isang fellow ng John Simon Guggenheim Memorial Foundation sa larangan ng lingguwistika noong 1963 (JSGMF). Matapos ang higit isang taon ng pagiging isang fellow sa Estados Unidos, bumalik si Constantino sa Pilipinas noong Pebrero 1965 at ipinagpatuloy ang kaniyang tungkulin bilang tagapangulo ng DOLL (Orara 106). Sa taon ding ito, iniakyat si Constantino mula sa pagiging isang Katuwang na Propesor ng Lingguwistika patungo sa pagiging isang Kawaksing Propesor (UP, *Minutes of the 732nd Meeting* 5). Noong 1966, sa pagtatapos ng kaniyang termino, muli siyang hinirang bilang tagapangulo ng DOLL (UP, *Minutes of the 748th Meeting* 3). Ngunit muling hiningi ng pagkakataon ang pag-alis ni Constantino ng bansa. Noong Oktubre 1967, sa paglisan ni Constantino patungong Hawaii, itinalaga ang kaniyang kasamahang guro sa departamento na si Consuelo Paz, Instruktor ng Lingguwistika, bilang pansamantalang tagapangulo (UP, *Minutes of the 763rd Meeting* 19). Sa kaniyang pagbabalik noong 1968, muli siyang ipinadala sa ibang bansa para sa isang sabatikal sa loob ng isang taon upang masuri niya ang mga koleksiyong pumapatungkol sa lingguwistikang Pilipino sa mga aklatan at sinupan sa Europa at upang kumonsulta

sa mga Europeong propesor at iskolar na ang interes ay kaugnay ng kaniyang pananaliksik tungkol sa mga wika at diyalekto ng Pilipinas (UP, *Minutes of the 779th Meeting* 10). Habang abala si Constantino sa misyong ibinigay sa kaniya sa banyagang lupain, naghihintay naman sa Pilipinas ang isang magandang balita para sa kaniya. Hindi nagtagal matapos ang kaniyang pagbabalik sa bansa noong 1969, hinirang siya bilang bagong tagapangulo ng Department of Pilipino and Philippine Linguistics (DPPL), isang bagong departamento ng College of Arts and Sciences (CAS) na itinatag noong 1966, habang patuloy na nanunungkulan bilang tagapangulo ng DOLL hanggang 1972 (UP, *Minutes of the 788th Meeting* 6; Pilipinas, Kultura Atbp). Iniakyat din siya mula sa pagiging Kawaksing Propesor patungong Propesor ng Lingguwistika (UP, *Minutes of the 788th Meeting* 6).

Sa pagbubukas ng taong 1966, itinatag ang isang bagong departamento sa College of Arts and Sciences (CAS) na kukupkop sa mga kurso sa wikang pambansa. Noong 27 Enero 1966, inaprubahan ang pagtatatag ng Department of Pilipino and Philippine Literature (DPPL) na naatasang mamahala sa mga kurso sa Philippine Institutions at Philippine Studies (UP, *Minutes of the 742nd Meeting* 6). Naghandog din ito ng mga programang Bachelor of Arts (Pilipino; Philippine Literature; Philippine Studies) at Master of Arts (Philippine Literature; Philippine Studies) (UP, *Minutes of the 770th Meeting* 146). Si Leopoldo Y. Yabes ang hinirang na unang tagapangulo nito, ngunit nang matapos niya ang kaniyang termino noong 1969, agad siyang itinalaga bilang dekanong Graduate School (UP, *Minutes of the 743rd Meeting* 3; UP, *Minutes of the 780th Meeting* 20). Gayunman, panatag ang loob ni Yabes na maipapasa niya sa mabubuting kamay ang pamamahala sa DPPL. Naging matunog ang pangalan ni Constantino (na noo’y nasa kaniyang ikalawang termino bilang tagapangulo ng DOLL) bilang napipisil na kahalili ni Yabes. Hindi nagtagal, noong 27 Oktubre 1969, itinalaga si Constantino bilang bagong tagapangulo ng DPPL, at sinang-ayunan din ng Lupon ng mga Rehente ang patuloy na panunungkulan niya bilang tagapangulo ng DOLL (UP, *Minutes of the 788th Meeting* 6). Noong panahon ng batas militar sa rehimen ni Pangulong Ferdinand Marcos, maraming kasapi ng kaguruan ng DPPL na aktibo sa kilusang makabayan ang inaresto. Kabilang dito sina Bienvenido Lumbea, ang magkapatid na sina Jose at Emmanuel Lacaba, at si Renato Constantino (Ortiz 32).

Inaresto rin si Constantino noong 1973 dahil umano sa pagtuturo ng literaturang radikal (Gaerlan 201, sinipi sa Ortiz 32). Ngunit sa isang panayam, sinabi ni Dr. Pamela Constantino na hindi totoo ang paratang na ito. Gayunman, hindi ito naging hadlang sa pagganap ni Constantino sa kaniyang tungkulin bilang tagapangulo ng departamento. Sa katunayan, bago siya magbitiw noong 1974, pinalitan ang pangalan ng departamento patungong Department of Filipino and Philippine Languages (DFPL) (Orara 139; UP, *Minutes of the 842nd Meeting* 16-17). Pagtalima ito sa Konstitusyon ng 1973 na nagtatadhanang tawaging “Filipino” ang lilinganang wikang pambansa. Tanda rin ito ng pagdatal ng panahon ng masigasig na pagbibigay-diin sa kaibahan ng Pilipino at Filipino na ipinaglaban at napagtagumpayan ni Constantino at ng kaniyang mga kasamahang guro sa Kumbensiyong Konstitusyonal ng 1971–1972. Noong 1986, nakisangkot pa rin si Constantino sa Komisyong Konstitusyonal na tuluyan na ngang tinanggap ang Filipino bilang wikang pambansa.

Pamana ni Constantino

Mamamalas sa huling dalawang dekada ng buhay ni Constantino ang kaniyang masigasig na paglalatatag ng mga pundasyon para sa ibayong pagpapaunlad ng wikang Filipino. Dahil dito, hindi kataka-takang kinilala siya ng akademya, sa loob at labas ng bansa, para sa kaniyang mahahalagang ambag sa lingguwistikang Pilipino. Noong 1993, ginawaran siya ng UP ng titulong University Professor bilang pagkilala sa kaniyang mga napagtagumpayan bilang isang iskolar (UP, *Minutes of the 1057th Meeting* 16). Noong 1998 naman, natanggap niya ang Fok Ying Tung Prize “bilang pagkilala sa kaniyang ambag sa pagtataguyod ng kultural at pambansang pag-unlad sa Timog-silangang Asya” (Pilipinas, Kultura Atbp; akin ang salin). Sa pagbubukas ng bagong milenyo, ginugol ng retiradong propesor ang kaniyang panahon sa patuloy na pangangalap at pagsasalin ng mga pasalitang tradisyon ng mga minoryang pangkat-etnolingguwistiko sa Pilipinas na sinimulan niya noon pang dekada 60. Sa katunayan, hawak niya ang maraming tape ng mga wikang patay na at nanganganib pa lamang na maglaho na maituturing na mahahalagang batis para sa pag-aaral tungkol sa mga minoryang kultural at para sa pagsusuring lingguwistiko ng kanilang mga wika (Constantino ii).

Sa edad na 85, pumanaw sanhi ng stroke si Ernesto Constantino noong 21 Hunyo 2016 sa Nueva Ecija, ang kaniyang bayang tinubuan (UPDate Diliman; Constantino). Noong 25 Agosto 2016, anibersaryo ng kaniyang kaarawan, inialay ng UP Department of Linguistics (DL) at UP College of Social Sciences and Philosophy (CSSP) ang “Paglingon,” isang serye ng mga lektura, kay Constantino na idinaos sa Bulwagan ng Dangal, na tampok ang mga tagapagsalita na naging mga mag-aaral at kasamahan sa trabaho ni Constantino katulad nina Rosario-Torres Yu ng DFPP na kaniyang dating mag-aaral at nakasama niya sa 1986 KonKom, dating katuwang sa pananaliksik na si Viveca Hernandez ng DL, kapuwa pokloristang si Prop. Melecio Fabros III ng DFPP, at dating propesor ng lingguwistika na si Anicia Del Corro (UPDate Diliman).

Si Constantino bilang isang Lingguwista

Intelektuwal na Impluwensiya

Noong 1959, iniharap ni Constantino sa Indiana University ang kaniyang doktoral na disertasyong pinamagatang “A Generative Grammar of a Dialect of Ilocano.” Makikita rito ang ugnayang sentimental at intelektuwal nina Cecilio Lopez at Constantino. Sa pasasalamat, kinikilala ni Constantino ang kaniyang propesor sa UP na pinagkakautangan niya ng pagiging lingguwista (Constantino). Makikita rin sa disertasyon ni Constantino ang kaniyang oryentasyon sa pag-aaral ng wika. Nagkaroon ng malaking impluwensiya sa kaniyang pananaw bilang isang lingguwista ang mga pag-unlad na nangyari sa disiplina ng lingguwistika sa Estados Unidos noon. Umusbong noong dekada 50 sa Estados Unidos ang isang bagong pananaw sa pag-aaral ng wika na pinasimulan ni Noam Chomsky, isang Amerikanong lingguwista, na naging hudyat ng isang bagong yugto sa disiplina ng lingguwistika hindi lamang sa Estados Unidos kundi sa buong mundo. Noong 1957, hinamon ni Chomsky ang *descriptive-structuralist* na pag-aaral ng mga wika sa kaniyang *Syntactic Structures*, na binigyang diin niya ang sentralidad ng sintaks sa isang wika (Paz et al. 8). Ipinakilala ni Chomsky ang isang bagong konseptong tinawag niyang *transformational-generative grammar* na dapat ituring na mga panuto sa pagbuo ng lahat ng posibleng magawang tama, makabuluhan, at katanggap-tanggap na mga pangungusap sa wikang

alam o pinag-aaralan ng isang tao (Paz et al. 9). Hindi naman kataka-takang naimpluwensiyahan ng bagong pananaw na ito si Constantino na noo'y nagtatapos ng kaniyang doktorado sa Estados Unidos. Hayagan itong makikita sa kaniyang disertasyon, na, bukod sa pag-angkop sa modelo ng *generative grammar*, sumangguni siya sa tatlong akda ni Chomsky: ang “Systems of Syntactic Analysis” (1953), *The Logical Structure of Linguistic Theory* (1955), at *Syntactic Structures* (1957)—mga akdang kapanahon ng isinulat niyang disertasyon (Constantino 199).

Pag-aaral ng mga Wika sa Pilipinas

Nang matapos niya ang kaniyang doktorado, bumalik si Constantino sa Pilipinas. Naging hudyat ito ng pagdatal ng isang bagong yugto sa disiplina ng lingguwistika sa Pilipinas. Makikitang mula sa Estados Unidos, dinala niya sa bansa ang kaniyang mga natutuhan habang nag-aaral bilang isang iskolar kasama ang mga kilalang pangalan sa lingguwistika. Kasama rin niyang dumating sa Pilipinas ang mga bagong modelo at metodo sa lingguwistika na kaniyang ilalapat sa pag-aaral ng mga wika ng Pilipinas. Noong 1965, inilathala ang papel ni Constantino na pinamagatang “The Sentence Patterns of Twenty-Six Philippine Languages.” Isa sa mga layunin nito ang magbigay ng *transformational analysis* ng mga pangunahing ayos ng pangungusap ng 26 na katutubong wika ng Pilipinas: Tagalog, Abak, Bikol, Bolinao, Botolan, Hiligaynon, Ibanag, Ilukano, Isinai, Itbayat, Itneg, Ivatan, Kapampangan, Malaweg, Manobo, Pangasinan, Sama Bangingi, Samal, Sebuano, Sta. Fe Igorot, Tausug, Ternate, Tinguian, Waray, Ylanon, at Yogad. Makikita rito ang mga katangian ng transformational-generative grammar ni Chomsky. Sa katunayan, isa sa mga akdang sinangguni niya ang *Syntactic Structures*. Ayon kay Constantino, isang pagtatangka ang naturang papel na bumuo ng iisang grammar sa anyong transformational-generative ng 26 na wika ng Pilipinas (Constantino 317). Mahalaga ang papel na ito sapagkat ito ang kaniyang kauna-unahang pagtatangka na bumuo ng isang unibersal na grammar ng mga wika ng Pilipinas (Constantino 1). Samantala, sa taon ding iyon, inilathala ni Chomsky ang kaniyang aklat pagkatapos ng *Syntactic Structures*, ang *Aspects of the Theory of Syntax*. Bagamat naunang ipinakilala ni Chomsky ang konsepto ng transformational-generative grammar sa *Syntactic Structures*, itinuturing

ang *Aspects* bilang pinakamahalagang dokumentong tagapagtatag ng isang bagong larangan sa modernong lingguwistika sapagkat tiyak niyang inilalahad dito ang teorya ng transformational-generative grammar (Stowell 249). Binubuo ito ng tatlong pangunahing bahagi: (1) *syntactic*, (2) *phonological*, at (3) *semantic* (Chomsky 16). Mahalagang pagtuunan ng pansin ang *syntactic component* ng teorya ni Chomsky sapagkat ipinakilala niya rito ang konsepto ng deep structure o pang-ilalim na balangkas ng wika. Para sa mga *generative grammarian* sa pangunguna ni Chomsky, mayroong *universal deep structure* ang lahat ng wika—magkakatulad ang mga ito sa kanilang “pang-ilalim” na grammar at nagkakaiba lamang sa mga pang-ibabaw na katangian (Bolinger 18, sinipi sa Cooreman at Goyvaerts 629). Hinalaw ni Constantino ang konseptong ito sa kaniyang papel na “The Deep Structures of the Philippine Languages” (1970).

Simula noong 1967, dalawang taon matapos mailathala ang “The Sentence Patterns of Twenty-Six Philippine Languages,” muling sinuri ni Constantino ang kaniyang pagkaunawa sa pang-ilalim na balangkas ng mga wika ng Pilipinas (Constantino 3). Sa *The Deep Structures*, inihaharap niya ang pinakahuling bersiyon ng kaniyang mga batayang tuntunin ng unibersal na grammar ng mga wika ng Pilipinas. Ayon kay Constantino, matatagpuan sa *simple predicative definite sentences* (mga pangungusap na binubuo ng isang sugnay na mayroong simuno at panaguri na kapuwa markado ng isang artikulo o panlapi) ang deep structure ng mga pangungusap ng mga wika ng Pilipinas (Constantino 1–2). Mula sa deep structure na ito, maaaring makuha ang iba pang uri ng pangungusap sa pamamagitan ng mga simpleng transpormasyon tulad ng pagbabawas at pagdaragdag ng mga elemento at/o paglilipat ng puwesto ng mga bahagi ng pangungusap. Bagamat pawang mga Tagalog na pangungusap ang ibinibigay na mga halimbawa ni Constantino, masasabing ganito rin naman ang deep structure ng iba pang wika ng Pilipinas. Sa mga naunang pag-aaral ni Constantino, katulad ng “Sentence Patterns of the Ten Major Philippine Languages” (1964) at “The Sentence Patterns of Twenty-Six Philippine Languages” (1965), ipinakikita niyang magkakatulad ang sintaks ng maraming wika ng Pilipinas. Sa katunayan, bago pa man si Constantino, matagal nang ipinakita ng mga lingguwista ng mga wika ng Pilipinas ang pagkakatulad ng mga ito. Isa na rito ang kaniyang guro na si Cecilio Lopez. Sa

pamamagitan ng komparatibong lingguwistika, pinag-aralan ni Lopez ang ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at bokabularyo ng mga katutubong wika ng Pilipinas. Ipinakita niya ang mataas na antas ng pagkakatulad ng mga wikang ito sa apat na lebel, lalong-lalo na sa bokabularyo.

Sa pamamagitan ng mga bagong pamamaraang bunga ng mga pag-unlad sa modernong lingguwistika sa kaniyang panahon, ipinakita ni Constantino ang pagkakatulad ng mga wika ng Pilipinas sa grammar na matatagpuan ang deep structure ng mga ito. Dahil dito, tinangka niyang bumuo ng iisang grammar lamang ng mga wika ng Pilipinas at pinatunayang posible ito. Magsisilbi ito bilang isa sa mga sandigan ni Constantino sa kaniyang pagtataguyod sa wikang pambansa sa Kumbensiyong Konstitusyonal ng 1971–1972, na ipinanukala niya ang pagsulat ng isang unibersal na grammar ng mga wika ng Pilipinas bilang isa sa mga hakbang ng universal approach na nagpabantog sa kaniya. Samakatwid, inangkop ni Constantino ang kaniyang mga natutuhan sa Estados Unidos sa konteksto ng Pilipinas upang sa dulo’y makaambag sa paghahanap ng solusyon sa mga suliraning pangwika ng kaniyang sariling bayan.

Si Constantino at Pagpaplanong Pangwika

Pakikisangkot sa Kilusang Pangwika

Noong dekada 50 hanggang unang bahagi ng dekada 60, makikita ang pag-igting ng pagpapalaganap at pagpapagamit sa wikang pambansa sa pangunguna ng Surian ng Wikang Pambansa (SWP). Naging masigasig ang ahensiya sa mga gawain ng estandardisasyon, pagsasalin, pananaliksik, at elaborasyon (Kaplan at Baldauf 73). Patunay rito ang maraming publikasyong inilabas ng SWP, tulad ng ikaapat na paglilimbag ng *National Language-English Vocabulary* (1950), buwanang peryodikal na *Wikang Pambansa* (1950–1952), *Composite Vocabulary of Philippine Languages* (1953), *Ang pagtuturo ng balarila sa mataas na paaralan at sa kolehiyo* (1957), *Ang pagtuturo ng panitikan sa mga mataas na paaralan at sa kolehiyo* (1957), *Descriptive Linguistics applied to Tagalog* (1957), *An English–Tagalog Dictionary* (1960), at *A Re-statement of Tagalog Grammar* (1961). Ipinakikita ng mga hakbanging ito ang tumitinding pagpapahalaga sa wikang pambansa at unti-unting paghamon sa mataas na katayuan ng Ingles sa lipunang Pilipino.

Para kay Gonzalez, ang mga pagtatangkang gamitin ang wikang pambansa sa halip na Ingles ay tugon sa suliraning natukoy ng mga makabayan noon pang 1908—na hindi taglay ng Ingles ang mga katagang nakapagpapahayag ng pagkakakilanlang Pilipino at hindi ito magiging mabisang kasangkapan ng pambansang pag-unlad sa konteksto ng Pilipinas (sinipi sa Nerney 357). Diwang makabayan ang isa sa mga pangunahing udyok sa paggigiit ng wikang pambansa. Namayani ito lalo na noong panahon ng aktibismo laban sa rehimeng Marcos mula huling bahagi ng dekada 60 hanggang dekada 70. Ayon kay Gonzalez, bagamat magkakaiba ang ideolohiya ng mga samahan noong panahon ng aktibismong pangmag-aaral, nagkakaisa sila sa pagtuligsa sa administrasyong Marcos, sa patuloy na pagdepende ng Pilipinas sa Estados Unidos sa usaping ekonomiko, at sa patuloy na “imperyalismong kultural” ng Estados Unidos sa Pilipinas sa pamamagitan ng wikang Ingles (124). Napapaloob sa ganitong konteksto ang panunungkulan ni Constantino bilang tagapangulo ng DOLL at DPPL.

Ipinahiwatig ng mga pangyayari noong mga unang buwan ng 1963 ang di-maiiwasang pakikisangkot ni Constantino sa kilusang pangwika, nang italaga siya bilang bagong tagapangulo ng DOLL. Noong 1964, maraming pagbabagong naganap sa kurikulum ng DOLL. Makikita sa mga bagong kurso ang tunguhin o oryentasyon ng DOLL sa pamumuno ni Constantino. Bibigyan ng kaukulang atensiyon dito ang kursong “Linguistics 130: Language Problems in the Philippines” na nagpapakita ng pagkilala ng departamento sa kahalagahan ng kilusan para sa wikang pambansa (UP, *Agenda for the 222nd Meeting Appendix “C”* 2–3). Ang pagpapalit naman ng ngalan ng mga kursong “Tagalog” patungong “Pilipino,” ang pangalan ng wikang pambansa ng Pilipinas magmula noong 1959, ay maituturing bilang isang malaking hakbang ng departamento sa pakikisangkot nito sa kilusan para sa wikang pambansa sapagkat ihinele nito ang mga kurso sa Pilipino habang wala pang isang nagsasariling departamento para sa wikang pambansa noon sa UP (UP, *Agenda for the 223rd Meeting Appendix “L”* 15–16). Bukod sa pagpapalawak ng kurikulum ng DOLL, itinakda rin ng UP University Council (UC) noong 1964 ang pagsasama sa Pilipino bilang isa sa mga major para sa Bachelor of Arts (UP, *Agenda for the 224th Meeting* 1).

Sa panahon naman ng panunungkulan ni Constantino bilang tagapangulo ng DPPL, natunghayan ng Pilipinas

ang rurok ng aktibismo at mga kilusang makabayan lalong-lalo na sa UP. Katulad ng nabanggit na, isa sa mga katangian ng aktibismong pangmag-aaral sa UP ang pagtanggap sa imperyalismong Amerikano. Tanda ng pagtanggap ito ang paggamit ng wikang pambansa sa mga pahayagang pangmag-aaral sa halip na Ingles. Sa UP, 1970 pa lamang, nasusulat na sa Pilipino ang pahayagang *Philippine Collegian* (Gonzalez 129). Bukod dito, lalong ginamit ang Pilipino bilang wika ng pagtuturo sa UP. Ayon kay Constantino, taong 1966 nang unang pormal na sinubukang gamitin ang wikang Pilipino sa pagtuturo ng mga kurso sa UP bukod sa mga kurso sa Pilipino (“Ang Programa sa Filipino” 61). Maraming guro at mag-aaral ang sumuporta sa pagtatangkang ito. Noong 1968, sinang-ayunan ng kaguruan ng CAS ang patakarang nagpapahintulot sa paggamit ng wikang Pilipino bilang wikang panturo (Constantino 61). Pagdating naman ng taong 1971, ginawang pangunahing layunin ng General Education (GE) Program ng UP ang “pagdebelop at paglinang sa mga estudyante ng kakayahan sa pagsulat, pagsasalita at pag-iisip sa Pilipino nang mabisa,” at isinama sa naturang programa ang apat na kurso sa Pilipino na maaaring pagpilian ng mga mag-aaral bilang kapalit ng mga katumbas na kurso sa Ingles (Constantino 61–62). Ipinakikita lamang nito ang paglalagay sa wikang pambansa ng Pilipinas sa kapantay na katayuan ng wikang Ingles bilang wika ng pagtuturo. Dagdag pa ni Constantino, ang mga ito’y “isang katangi-tangi at rebolusyonaryong pagbabago sa ating edukasyon” (“Ang Programa sa Filipino” 62). Anupat ipinakikita nito ang kasigasigan ng DPPL sa pamumuno ni Constantino sa pagpapalaganap ng wikang pambansa sa unibersidad.

Pakikisangkot sa 1971–1972 Kumbensiyong Konstitusyonal

Sa kasaysayan ng pagpapatupad ng mga patakarang pangwika sa Pilipinas, makikita ang nangingibabaw na tema ng pagtutunggalian, lalong-lalo na sa usapin ng pagtatakda ng isang wikang pambansa, na nagmumula sa kumplikadong sitwasyong pangwika ng bansa. Sapagkat isang bansang multilingguwal, nag-iwan ng malalim na sugat ang pagkakapili ng isang wika lamang bilang batayan ng wikang pambansa noong dekada 30. Noong dekada 70, muling nanariwa ang di-naghilom na sugat na iniwan ng rehiyonalismo noong dekada 30. Noong 24 Agosto 1970, nilagdaan

ni Pangulong Ferdinand Marcos ang Republic Act No. 6132 na nanawagan para sa isang kumbensiyong konstitusyonal (The LAWPHIL Project). Marahil, para sa mga tumutuligsa sa Tagalog/Pilipino, pagkakataon na nila ito upang muling buksan ang usapin tungkol sa wikang pambansa. Sa ikalawang pagkakataon, muling nagharap ang dalawang nagtutunggaliang pananaw hinggil sa wikang pambansa: ang eskuwelang mono-based (maka-Tagalog/Pilipino) at ang eskuwelang multi-based (anti-Tagalog/Pilipino) (Yabes 4). Para sa mga maka-Tagalog/Pilipino, dapat lamang panatilihin ang Pilipino bilang wikang pambansa sapagkat sagisag na ito ng ating pambansang pagkakakilanlan at instrumento para sa pambansang pagkakaisa kaya naman hindi ito dapat pang sayangin (Yabes 6–7). Para naman sa mga anti-Tagalog/Pilipino, hindi makagaganap bilang sagisag ng pagkakakilanlan at bilang instrumento para sa pagkakaisa ang Tagalog sapagkat hindi ito ang wikang may pinakamaraming ispiker at hindi ito tinatanggap ng karamihan sa mga Pilipino (Yabes 7). Kung susuriin ang daynamiks ng 1971–1972 KonKon, makikitang tila hindi na hinayaan pa ng kampong anti-Tagalog/Pilipino na muli’y “mapulitika” ang pagpapasya tungkol sa wikang pambansa. Noong 23 Marso 1972, pinaboran ng mayorya (mga di-Tagalog) ang Resolusyon Blg. 64 (kilala bilang “Resolusyong Quirino”), ang unang resolusyong pumapatungkol sa probisyon sa wika (isinumite noong 1 Setyembre 1971), na nagpanukalang “dapat ipahayag ang Konstitusyon sa wikang Ingles at isalin sa lahat ng katutubong wika at diyalekto ng Pilipinas na sinasalita ng higit sa limanlibong katao, Espanyol, at Arabe” (Yabes 7–8; akin ang salin). Kapansin-pansin ang mga katangian ng resolusyong ito na dahilan marahil kung bakit sinuportahan ito ng mga di-Tagalog: una, ang pagpili sa wikang Ingles, itinuturing na isang wikang “neutral,” bilang wika ng konstitusyon, at ikalawa, ang pagsasalin ng konstitusyon hindi lamang sa isang wika (Tagalog/Pilipino) kundi sa lahat ng katutubong wikang malawakang ginagamit ng mga Pilipino.

Para naman sa usapin ng wikang pambansa, binuo ang Committee on National Language na inatasang “aralin, isaalang-alang, at balangkasin ang ulat nito sa mga panukala o resolusyong konstitusyonal kaugnay ng ebolusyon, pagpapaunlad, at pagtuturo ng ating wikang pambansa” (Yabes 8; akin ang salin). Mula Setyembre hanggang Disyembre 1971, nagdaos ng mga pampublikong pagdinig sa Maynila at Cebu

ang Committee on National Language (Yabes 9). Sa panahong ito, naging masigasig sa pagdalo sa mga pagdinig sina Constantino, noo'y nanunungkulan bilang tagapangulo ng DPPL at DOLL at board member ng SWP, at ang kaniyang gurong si Cecilio Lopez. Masasabi pa nga na lubhang naging impluwensiyal ang kanilang mga opinyon sa nangyaring pagpapasya tungkol sa wika ng 1971–1972 KonKon. Sa ikalimang pagpupulong ng Committee on National Language noong 28 Setyembre 1971, dumalo si Constantino bilang isa sa mga kinatawan ng SWP. Mapapansin sa naging daloy ng talakayan na tila naghahanap sila ng isang solusyong “kompromiso” sa suliraning pangwika na katanggap-tanggap para sa lahat ng kampo, at malinaw na hindi ito ang pananatili ng Pilipino bilang wikang pambansa. Ayon kay Delegado Natalio Bacalso (isang Cebuano), naninindigan ang komite na dapat paunlarin ang isang panlahat na wikang pambansa sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng lahat ng mga wika at pangunahing diyalekto ng Pilipinas (Yabes 53). Ngunit nang tanungin si Ponciano Pineda, Direktor ng SWP, sinabi niyang imposible ang nais mangyari ng komite (Yabes 54). Gayunman, tila nagkaroon ng kakampi ang komite (at ang eskuwelang multi-based sa pangkalahatan) sa katauhan ni Constantino na nagsabing posible ang paglililang ng isang wikang batay sa iba't ibang wika—isang bagay na nagawa na sa ilang bansa sa Aprika at Europa (e.g. Norway) at maaari ring gawin sa Pilipinas (Yabes 55). Dagdag pa niya, dapat ikodipika ang wikang pambansa ng Pilipinas, ang wikang nagsisilbing lingua franca, sa pamamagitan ng paglikha ng isang bagong grammar at bagong diksyonaryo nito (Yabes 56). Sa ika-24 na pagpupulong ng komite noong 23 Disyembre 1971, muling dumalo si Constantino, at sa pagkakataong ito, kasama niya ang kaniyang gurong si Cecilio Lopez. Ayon kay Lopez, hanggang 1963, “elitista” ang kaniyang lapit sa paglililang ng wikang pambansa—ang pagtatakda ng isang wika lamang bilang batayan nito—ngunit matapos ang 1963, dahil sa pag-usbong ng mga bagong lapit sa pagpapaunlad ng wika, kumiling siya sa universal approach na pinaniniwalaan niyang sagot sa suliraning pangwika ng bansa (Yabes 96). Sinegundahan ni Constantino ang pahayag na ito at sinabing nagsasagawa siya ng iisang grammar lamang ng mga katutubong wika ng Pilipinas (Yabes 96). Nakumbinsi ang karamihan sa mga delegado ng komite sa ipinanukalang paraan nina Lopez at Constantino sa paglililang ng wikang pambansa ng Pilipinas. Makikita

ito sa huling produkto ng kumbensiyon.

Matapos ang mga idinaos na pampublikong pagdinig ng Committee on National Language, binuo nito ang isang mas maliit na komiteng ad hoc na babalangkang sa “Article on Languages” (Yabes 10). Noong 15 Marso 1972, isinumite nito ang pinal na bersiyon ng nasabing artikulo (Yabes 11). Sa unang tingin, agad na mapapansing pinanatili ang mga probisyon ng Resolusyong Quirino sa Seksiyon 1 na nagtatakda sa mga wikang gagamitin sa pagpapahayag ng konstitusyon at tumatanaw sa pagkakaroon ng isang wikang pambansa sa hinaharap. Sa Seksiyon 2 naman, makikitang opisyal nang binigyan ng pangalan na “Filipino” ang lililangin pa lamang na wikang pambansang pagyayamanin batay sa lahat ng umiiral na katutubong wika at diyalekto ng Pilipinas at sa pamamagitan ng pagsasama ng mga salita mula sa mga banyagang wika. Binibigyang kapangyarihan din nito ang mga wikang bernakular, kasama ng Ingles, Espanyol, at Arabe, na itinakda bilang mga wikang opisyal at wika ng pagtuturo sa mga partikular na antas at rehiyon. Bilang resulta, nabawasan ang kapangyarihang dating monopolyo ng Tagalog. Ipinakikita lamang ng mga probisyon sa sinang-ayunang “Article on Languages” ng Committee on National Language ang pagtanggap nito sa wikang Tagalog/Pilipino.

Nang ideklara ang batas militar noong 21 Setyembre 1972, sa mabuti man o masama, bumilis ang pagbabalangkang ng konstitusyon (Yabes 13). Sa pagkakasuspindi ng mga tuntunin ng kumbensiyon, dumaan sa apat na rebisyon ang borador ng bagong konstitusyon sa loob lamang ng higit sa isang buwan, mula sa pagtatalaga ng isang espesyal na komite noong 23 Oktubre 1972 hanggang sa pag-aaprubang KonKon sa pinal na bersiyon ng konstitusyon noong 29 Nobyembre 1972 (Yabes 13–16). Ito na nga ang pagtitibaying Konstitusyon ng 1973. Kalakip ng pagrerebisa sa borador ng konstitusyon ang malaking pagbabagong pinagdaanan ng “Article on Languages.” Sa huli, makikita sa Konstitusyon ng 1973 na muling pumasok sa eksena ang Pilipino bagamat itinakda na lamang ito bilang isa sa mga wikang opisyal kasama ng Ingles samantalang nanatili naman ang probisyon para sa paglililang ng isang wikang pambansang tatawaging “Filipino.” Dahil dito, masasabing kinikilala ng konstitusyon na kaiba ang Filipino sa wikang Pilipino. Samantalang ang wikang Pilipino ay “ibinatay sa Tagalog lang,” ang Filipino naman ay

“mula sa iba’t ibang wika ng Pilipinas, sa iba’t ibang rehiyon ng Pilipinas, at sa iba’t ibang etnikong grupo ng Pilipinas” (Constantino et al. 12).

Ang Universal Approach

Saan nga ba nagmula itong “Filipino”? Ayon kay Constantino, noong 1970, sinimulan nila sa UP na “gamitin at ituro ang uri ng Pilipinong ginagamit at naiintindihan ng karamihan sa mga Pilipino hindi lamang sa kamaynilaan at katagalugan kundi pati sa mga lugar na hindi Tagalog ang katutubo o dominanteng wika” na “[n]aiiba... sa Pilipinong itinuturo sa ibang eskuwelahan” na tinatawag na “Pilipino ng UP” (Constantino 63). Ang “Pilipinong itinuturo sa ibang eskuwelahan” na tinutukoy rito ay walang iba kundi Tagalog, isang wikang “purista” o “puro,” na kaiba sa wikang ginagamit sa labas ng silid-aralan na “natural, buhay, at dinamikong wika” (Constantino at Sikat 39). Simula noong 1973, tinawag na ang “Pilipino ng UP” bilang “Filipino” (Constantino at Sikat 39). Isa sa mga halimbawa ng akdang naisulat sa “Filipino” ng UP ang dyornal na *LITERATURA ng Pilipinas* na ang unang isyu (Enero 1974) ay pinamatnugutan nina Constantino, Rogelio Sikat, at Pamela Cruz. Ayon sa mga patnugot, nais nilang ipakita na ang “Filipino” ng UP ay “mas madali, mas angkop, at epektibong gamitin bilang wikang panliteratura at wika ng iskolarsip” (Constantino et al. iii). Sa editoryal ng nasabing dyornal, kapansin-pansin ang natatanging paraan sa pagbabaybay ng mga salitang hiram, partikular mula sa Ingles (e.g. “jornal,” “magasin,” “sarbey,” “empasis,” “iskolarsip,” “ipapablis”). Pinanatili naman ang anyo ng mga salitang hiram mula sa Espanyol na nakaayon sa ortograpiyang Pilipino (e.g. “literatura,” “epektibo,” “komunikasyon”) o iyong mga itinuturing nang bahagi na ng leksis ng wikang pambansa. Ayon kay Constantino, pinalawak nila ang base nitong “Filipino” ng UP batay sa mga prinsipyo ng universal approach, ang paraan sa pagbubuo ng wikang pambansang kanilang ipinanukala sa 1971–1972 KonKon na tinanggap at sinang-ayunan nito (Constantino 63).

Ang universal approach ay unang tinawag bilang *language universals approach* ni Cecilio Lopez nang ipinakilala niya ito sa Committee on National Language sa pinakahuling pampublikong pagdinig nito, ngunit pinaikli ito at tinawag na lamang na *universal approach* (Constantino 18). Noong dekada 60, pinasimulan ni Chomsky ang isang eskuwela ng pananaliksik na

tinatawag na *linguistics universals*—ang “pag-aaral ng mga katangian ng anumang generative grammar para sa isang natural na wika” (Chomsky 28; akin ang salin). Tinitingnan ni Chomsky ang unibersalidad ng mga wika sa pang-ilalim na balangkas o deep structure ng mga ito na matatagpuan sa grammar. Sa Pilipinas, makikita na nakakiling sa uring Chomskyan ang language universals approach o universal approach na ipinanukala ng mga lingguwista ng UP sa pangunguna nina Lopez at Constantino. Anupat masasabi pa nga na isa si Constantino sa mga unang naglatag ng mga pundasyon nito sa mga isinulat niyang akda tungkol sa unibersal na grammar ng mga wika ng Pilipinas noon pang dekada 60 at 70.

Noong 22 Disyembre 1972, halos isang buwan makaraang sang-ayunan ng KonKon ang pinal na bersiyon ng bagong konstitusyon, iniharap ni Constantino sa unang Conference on Language Policy and Language Development of Asian Countries sa Maynila ang isang papel na masinsinang nagpapaliwanag sa universal approach (Constantino 17). Bunga ito marahil ng mga kritisismong ibinato sa universal approach nang una itong ipakilala sa KonKon. Bagamat maraming delegado ang tumanggap dito, may mga kritiko (na hindi pa natitiyak noon kung ano nga ba ang universal approach) na nagsabing ito’y imposible, at kung makabuo man ng isang wikang pambansa sa pamamagitan nito, ito’y isang wikang artipisyal (Constantino 28). Gayunman, dahil sa mga pag-unlad na nangyayari sa disiplina ng lingguwistika, malakas ang paniniwala ng mga lingguwista ng UP sa universal approach. Ayon kay Constantino, may tatlong magkakaugnay na prinsipyo ang universal approach. Una, dapat ibatay ang wikang pambansa sa maraming wika ng Pilipinas, ngunit maaari munang mag-umpisa sa ilang wika nang sabay-sabay (“Metod A”), sa isang wika lang (“Metod B”), o sa dalawa hanggang walong wika (“Metod C”) (Constantino 22–23). Sa UP, pinili nina Constantino ang Metod B, na Pilipino ng UP ang simulang wika (Constantino 26). Ikalawa, sa pagpili ng mga sangkap o anyong isasama sa bubuuang wikang pambansa (e.g. mga tunog, salita, panlapi, konstruksiyon, etc.), dapat bigyan ng preperensiya ang mga sangkap o anyong ginagamit ng mas maraming wika (Constantino 23). Ikatlo, papayagang gumamit sa umpisa ang wikang pambansa ng mga grupo ng mga sinonimo, ngunit hanggang maaari, hindi lalabis sa apat ang miyembro ng bawat grupo (Constantino 23). Upang maisakatuparan ang mga prinsipyong

ito, nagmungkahi rin si Dr. Constantino ng mga kongkretong hakbang na dapat gawin: (1) ang pag-aangkop ng isang unibersal na alpabeto ng wikang pambansa paris ng iniharap niya noon sa SWP, (2) ang paglikha ng isang unibersal na grammar ng mga wika ng Pilipinas, (3) ang pagbubuo ng isang unibersal na diksyonaryo, at (4) ang estandardisasyon ng ginawang diksyonaryo sa pamamagitan ng mga pagbabawas ng mga sinonimo (Constantino 23). Rerebisahin naman pagkatapos ng hindi hihigit sa 10 taon ang mabubuong grammar at diksyonaryo (Constantino 25). Sa kabila ng mga kritisismo sa pagiging artipisyal ng resultang wikang pambansa ng universal approach, naninindigan si Constantino na ang wikang pambansang malilinan ay isang natural at buhay na wika ng Pilipinas. Ayon sa kaniya, kaparehong-kapareho nito ang mga wika ng Pilipinas sa pang-ilalim na balangkas, at magkakaroon ito ng sariling buhay sa oras na ito'y gamitin (Constantino 25). Nilinaw rin niya na hindi mag-iimbento ng salita o gagamit ng mga patay o arkaikong salita upang pagyamanin ang bokabularyo ng wikang pambansa (Constantino 26). Sa huli, naniniwala si Constantino na ang wikang produkto ng universal approach ay mas madaling tanggapin at gamitin kaysa wikang Pilipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas (Constantino 29).

Pakikisangkot sa 1986 Komisyong Konstitusyonal

Noong 1986, muling hiningi ng pagkakataon ang pakikibahagi ni Constantino sa kilusan para sa wikang pambansa. Kasabay ng pagpapabagsak sa administrasyon ni Pangulong Ferdinand Marcos at pagkakahirang ng isang bagong pangulong si Corazon Aquino ang pagpapalit ng konstitusyon. Para sa layuning ito, binuo ang isang Komisyong Konstitusyonal (KonKom) na naatasang balangkasin ang isang bagong konstitusyon. Noong Abril 1986, nag-anunsiyo sa madla si Pangulong Aquino ng isang paanyaya para sa nominasyon ng mga itatalagang kasapi ng KonKom (Villacorta 302). Isa sa 48 kasaping itinalaga si Wilfrido V. Villacorta, dekan ng College of Liberal Arts ng De La Salle University, na naging tagapangulo ng Committee on Human Resources na naatasang balangkasin ang mga probisyon sa edukasyon, kultura, pampalakasan, agham at teknolohiya, at wika (Gonzalez at Villacorta 1–2). Sa isang panayam, sinabi ni Dr. Pamela Constantino na si Villacorta ang lumapit sa mga lingguwista ng UP upang

hingin ang kanilang partisipasyon sa nangyayaring pagbabalangkas ng bagong konstitusyon. Sa loob-loob ni Villacorta, hindi niya nais na ibatay sa Tagalog o Ingles ang wikang pambansa ng Pilipinas, at bilang isang di-eksperto sa usaping pangwika, sumangguni siya sa mga lingguwista ng UP na lubusang nakisangkot sa 1971–1972 KonKon (Constantino).

Noong 29 Agosto 1986, iniharap ng Committee on Human Resources sa KonKom ang panukalang artikulo sa edukasyon, agham, teknolohiya, sining, at kultura. Malaki ang naging bahagi ni Ernesto Constantino sa pagbabalangkas nito. Noong 18 Hunyo 1986, nagdaos ng pagpupulong ang Committee on Human Resources, na kabilang sa mga resource person si Constantino, kinatawan ng UP Department of Linguistics, kasama ang iba pang eksperto sa wika mula sa iba't ibang institusyon at organisasyon. Isinumite rito ni Constantino ang mga sumusunod na panukalang probisyon sa wika:

1. Ang Konstitusyon ay dapat ipahayag sa Filipino at isalin sa mga rehiyonal na wika ng Pilipinas, Ingles, at Arabe. Sakaling magkaroon ng pagsasalungatan, dapat manaig ang tekstong Filipino. Ipinaliwanag na isinasama ng Filipino ang mga katangiang unibersal ng iba't ibang wika ng Pilipinas, habang ang Pilipino ay batay sa Tagalog na isinasantabi ang iba pang wika ng Pilipinas.
2. Filipino ang dapat na maging wikang opisyal kasama ang mga rehiyonal na wika at, maliban na lamang kung may ibang itinatadhana ang batas, Ingles bilang wikang pantulong.
3. Dapat magtatag ng isang Komisyon sa Wikang Pambansa na bubuuin ng mga eksperto sa wika, mga guro ng wika, mga lingguwista, at mga manunulat upang paunlarin at palaganapin ang wikang pambansa batay sa pambansang lingua franca at iba pang wika ng Pilipinas.
4. Filipino ang dapat na maging wika ng pagtuturo sa lahat ng mga paaralan. Magiging mga wikang pantulong naman ang mga rehiyonal na wika at, hanggang kinakailangan, Ingles (Gonzalez at Villacorta 137).

Mahalagang bigyang pansin ang panukalang ito ni Constantino. Kung titingnan ang iniharap na panukalang artikulo sa wika ng komite sa KonKom, taglay nito ang karamihan sa mga probisyong ipinanukala ni

Constantino maliban sa ikatlo, ang pagtatatag ng isang Komisyon sa Wikang Pambansa. Gayunman, sa huling pagpapasya ng KonKom at kung titingnan ang Konstitusyon ng 1987, makikitang maisasama ang diwa ng probisyong ito sa Seksiyon 9 ng Artikulo XIV, na itinatadhana ang pagtatatag ng Kongreso ng “isang komisyon ng wikang pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba’t ibang rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay, at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili” (LWP 55-56). Pagdating ng taong 1991, maisasakatuparan ang tadhana ng probisyong ito sa paglagda ni Pangulong Corazon Aquino sa Republic Act No. 7104 o “Commission on the Filipino Language Act,” na nagkaroon ng mapagpasyang ambag si Constantino sa pagbabalangkas ng pinal na bersiyon (Pilipinas, Kultura Atbp).

Kaiba sa isinasaad ng naunang konstitusyon, tahasan nang inihahayag sa panukalang artikulo kung ano ang wikang pambansa ng Pilipinas. Para sa mga kasapi ng KonKom, dapat maging tiyak na kung ano nga ba talaga ang wikang pambansa ng Pilipinas sa babalangkas ng konstitusyon. Itinatadhana ng naunang konstitusyon ang paggawa ng mga hakbang sa paglililang ng isang wikang pambansang tatawaging “Filipino.” Sa pagkakataong ito, ayon sa unang pangungusap ng Seksiyon 1 ng panukalang artikulo para sa wika: “Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino” (The Constitutional Commission of 1986 49; akin ang salin). Gayunman, bagamat ipinaliwanag na noong 1971–1972 KonKon ang pagkakaiba ng Filipino sa wikang pambansa noon na Pilipino, muling umalingawngaw ang usapin tungkol sa pagkakaiba ng dalawang wikang ito sa plenaryang sesyon ng KonKom noong 1 Setyembre 1986. Kaya naman, ipinaikot ng Committee on Human Resources ang isang posisyong papel na sinulat ni Constantino, ang “A Note on the Filipino Language” na nagpapaliwanag sa kaibahan ng dalawang wika (The Constitutional Commission of 1986 152). Kinuwestiyon din sa sesyong ito ang katotohanan ng pag-iral ng Filipino at kung nararapat nga bang tahasang mailagay sa bagong konstitusyon na Filipino ang wikang pambansa ng Pilipinas. Para kay Komisyoner Hilario Davide, Jr., ang probisyon sa wika na tinanggap at sinang-ayunan ng Kumbensiyong Konstitusyonal ng 1971–1972—na magsasagawa ang Batasang Pambansa ng mga hakbang sa paglililang ng isang wikang pambansang tatawaging Filipino—

ay isang malinaw na palatandaan na bago ang Kumbensiyong Konstitusyonal, walang pang umiiral na wikang Filipino (The Constitutional Commission of 1986 155). Ngunit ayon sa mga kasapi ng Committee on Human Resources, partikular sina Komisyoner Villacorta at Komisyoner Ponciano Bennagen, batay sa mga testimonya at pag-aaral ng mga kinonsultang eksperto sa wika noong 1971, may lingua franca nang umuunlad at lumalaganap sa Pilipinas bagamat hindi pa ito tinatawag ng karamihan bilang Filipino (The Constitutional Commission of 1986 155). Hindi pa rin kumbinsido rito si Komisyoner Davide, kaya naman tinanong niya ang komite kung may libro bang nagsasabi na mayroon nang lingua franca na Filipino bago pa man pagtibayin ang Konstitusyon ng 1973 (The Constitutional Commission of 1986 155). Bilang tugon, sinabi ni Komisyoner Bennagen na maaaring tingnan ang mga akdang isinulat ni Constantino (The Constitutional Commission of 1986 155). Naging mahaba pa ang debate tungkol sa isyung ito, ngunit sa botohang nangyari sa plenaryang sesyon ng KonKom noong 10 Setyembre 1986, makikitang bagamat may mga pagbabago sa mga sumunod na seksiyon ng panukalang artikulo sa wika, napanatili pa rin ang unang pangungusap ng unang seksiyon (The Constitutional Commission of 1986 489–520). Sa huli, makikita ito sa Seksiyon 6 ng Artikulo XIV ng pinagtibay na Konstitusyon ng 1987. Mapapansin sa probisyong pangwika ng bagong konstitusyon ang malaking kaibahan nito sa isinasaad ng Konstitusyon ng 1973. Ayon sa Artikulo 15, Seksiyon 3 ng Konstitusyon ng 1973:

1. Ang Konstitusyong ito ay dapat ipahayag sa Ingles at Pilipino, at dapat isalin sa bawat diyalektong sinasalita ng higit 50 libong tao, at sa Kastila at Arabe. Sakaling magkaroon ng pagsasalungatan, dapat manaig ang tekstong Ingles.
2. Ang Batasang Pambansa ay dapat magsagawa ng mga hakbang tungo sa paglinang at pormal na adopsiyon ng isang panlahat na wikang pambansang tatawaging Filipino.
3. Hanggang walang ibang itinatadhana ang batas, ang mga wikang opisyal ay Ingles at Pilipino (RP, 1973 Constitution; akin ang salin).

Samantala, ayon naman sa Artikulo XIV, Seksiyon 6–9 ng Konstitusyon ng 1987:

SEK. 6. Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilining, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang wika. Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa narapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspasang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

SEK. 7. Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at, hangga't walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles. Ang mga wikang panrehiyon ay pantulong na mga wikang opisyal sa mga rehiyon at magsisilbi na pantulong na mga wikang panturo roon. Dapat itaguyod nang kusa at opsiyonal ang Kastila at Arabe.

SEK. 8. Ang Konstitusyong ito ay dapat ipahayag sa Filipino at Ingles at dapat isalin sa mga pangunahing wikang panrehiyon, Arabe, at Kastila.

SEK. 9. Dapat magtatag ang Kongreso ng isang komisyong ng wikang pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay, at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap, at pagpapanatili (LWP 55-56).

Kodipikasyon ng Filipino

Matagumpay mang naisakonstitusyon ang pagiging wikang pambansa ng Filipino, hindi pa rin natatapos ang laban ni Constantino. Sa mga sumunod na taon, ginugol niya ang kaniyang lakas at panahon sa patuloy na pagpapaunlad at pagpapalaganap nito. Para sa mga layuning ito, nakita ni Constantino ang kahalagahan ng kodipikasyon ng wikang pambansa. Kadalasan, sangkot dito ang paggawa ng isang ortograpiya, grammar, at diksiyonaryo. Mapapansin na kabilang din ang mga ito sa mga hakbang ng universal approach. Maaalala na ipinanukala niya noon bilang unang hakbang sa pagbuo ng wikang pambansa ang pag-aangkop ng isang unibersal na alpabeto—ibig sabihin,

isang alpabetong nagtataglay ng mga elemento mula sa iba't ibang wika ng Pilipinas (Constantino 23). Noong 1971, nakisangkot si Constantino sa pagbubuo ng ortograpiya ng Filipino. Hindi pa man napapagtibay ang isang bagong konstitusyon, sinang-ayunan ng SWP noong 4 Oktubre 1971 ang isang bagong alpabeto at mga tuntunin sa pagbabaybay ng wikang pambansa na iniharap ni Constantino na noo'y nanunungkulan bilang tagapangulo ng Komite sa Gramatika at Leksikograpiya ng SWP (SWP 173). Hinalinhan nito ang umiiral at tinatanggap na Palatitikan—ang “katipunan ng mga tuntunin sa mabuti't wastong pagsulat”—ni Lope K. Santos na matatagpuan sa kaniyang *Balarila ng Wikang Pambansa* (unang inilimbag noong 1940), ang opisyal na grammar ng wikang pambansa noong panahong iyon (SWP 5). Ayon sa *Balarila*, mayroong 20 titik ang ABAKADA: Aa, Bb, Kk, Dd, Ee, Gg, Hh, Ii, Ll, Mm, Nn, NGng, Oo, Pp, Rr, Ss, Tt, Uu, Ww, Yy (SWP 6). Sa bagong alpabetong ipinanukala ni Constantino noong 1971, mayroong 31 titik: Aa, Bb, Cc, CHch, Dd, Ee, Ff, Gg, Hh, Ii, Jj, Kk, Ll, LLll, Mm, Nn, Ññ, NGng, Oo, Pp, Qq, Rr, RRrr, Ss, Tt, Uu, Vv, Ww, Xx, Yy, Zz (SWP 173). Kaiba sa ABAKADA na batay sa Tagalog lamang, kakikitaan ang bagong alpabeto ng mga titik mula sa mga wikang katutubo at banyaga (Espanyol at Ingles) ng Pilipinas. Noong 1976, inilabas ng SWP ang isang memorandum pangkagawaran na nagsasaad ng bagong ortograpiyang may 31 titik (Fortunato 43). Gayunman, marami ang naguluhan sa bagong alpabeto dahil sa dami ng titik nito, kaya nagkaroon muli ng konsultasyon noong 1983, 1986, at 1987 hanggang sa nabuo ang isang bagong ortograpiya (Fortunato 44). Sa bisa ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 81, s. 1987, ipinalaganap ng Kagawaran ng Edukasyon sa buong bansa ang “Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino” mula sa Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (LWP) (dating Surian ng Wikang Pambansa) (RP, DO 81, s. 1987). Mula sa 31 titik, naging 28 na lang: Aa, Bb, Cc, Dd, Ee, Ff, Gg, Hh, Ii, Jj, Kk, Ll, Mm, Nn, Ññ, NGng, Oo, Pp, Qq, Rr, Ss, Tt, Uu, Vv, Ww, Xx, Yy, Zz (RP, DO 81, s. 1987). Noong 1996, inilathala ni Constantino ang isang lekturang propesoryal na pinamagatang “Ang Ortografi ng Wikang Filipino” na mayroong 28 titik batay sa 1987 alpabetong Filipino ng LWP. Ayon kay Constantino, binuo ang “Ortografi” sa gabay ng mga sumusunod na prinsipyo: (1) episyente (madaling maintindihan, matutuhan, magamit, at matanggap), (2) siyentipiko (nakagaganap bilang epektibo at dinamikong instrumento para sa

estandardisasyon at modernisasyon ng Filipino), (3) pambansa at (4) makabansa (nakagaganap bilang matatag na batayan, daluyan ng, at gabay sa pagsulong, pag-iisa, at pagkakaisa ng lahat ng Pilipino) (Constantino 2).

Nagpunyagi rin si Constantino sa paggawa ng isang unibersal na diksiyonaryo ng wikang pambansa alinsunod sa mga hakbang ng universal approach. Noong 1986, ipinasa niya sa Toyota Foundation ang isang panukala para sa proyektong pinamagatang “A Universal Dictionary of Philippine Languages” na nagsimula pa noong 1961 sa panimulang pamagat na “A Thesaurus of Philippine Languages” (Constantino 149). Ayon kay Constantino, napapanahon ang diksiyonaryong ito batay sa mga probisyon sa wika ng Konstitusyon ng 1987 na nagtatakdang linangin ang Filipino salig sa mga umiiral na mga wika ng Pilipinas at iba pang wika at gamitin ang Filipino bilang wika ng pamahalaan at ng sistema ng edukasyon (Constantino 150). Naniniwala siya na kapag nalathala ang *Universal Dictionary*, lubha itong makatutulong sa paglipat ng mga Pilipino mula Ingles patungong Filipino sa kanilang komunikasyon at edukasyon (Constantino, “Problems and Progress” 150). Bilang unang hakbang, pumili ang pangkat ni Constantino ng mga salitang Ingles na magsisilbing mga lahok para sa isang bilingguwal na diksiyonaryong Ingles–Filipino na binubuo ng higit 20,000 lahok na Ingles at salin ng mga ito sa Filipino (Constantino 150). Pagkatapos nito, isinalin sa apat na pangunahing rehiyonal na lingua franca—Cebuano, Ilokano, Hiligaynon, at Tausug—ang bilingguwal na diksiyonaryo upang makagawa ng apat na trilingguwal na diksiyonaryo (Constantino 153). Gagamitin ang mga diksiyonaryong ito upang makuha ang katumbas ng mga orihinal na lahok sa Ingles sa higit 105 wika. Bilang mga impormante, naghanap ng mga katutubong ispiker sina Constantino sa loob ng UP at Metro Manila (Constantino 153). Pumunta rin sila sa mga bayan-bayan sa iba’t ibang bahagi ng Pilipinas at dinala rin nila sa UP ang ilan sa katutubong ispiker (Constantino 155). Pasulat at pasalita ang pamamaraan ng pangangalap ng datos. Para sa mga impormanteng nakapagbabasa at nakapagsusulat, ipinasusulat ang mga salin ng mga salita (Constantino 154). Inire-record din sa pamamagitan ng tape recorder ang mga salita, lalong-lalo na sa kaso ng mga impormanteng hindi nakapagbabasa at hindi nakapagsusulat, upang matiyak ang bigkas ng mga ito (Constantino 154). Matapos i-tsek ang datos, ipinapasok ito sa Dbase III+, isang

software, at inaasahang sa pagtatapos ng proyekto ay mapagsasama-sama ang mga ito sa isang file na ililimbag bilang unibersal na diksiyonaryo (Constantino 157). Sa kaniyang *The Contemporary English–Filipino Dictionary* (1999), binanggit ni Constantino na natapos na at pinagsasama-sama na ang tinatayang 140 bilingguwal na mga diksiyonaryo, at mailalathala na ang *Universal Dictionary of Philippine Languages* sa taong 2000 (Constantino iv). Ngunit makikitang hindi ito nailathala. Ipinapalagay ng mananaliksik na ang proyekto ng unibersal na diksiyonaryo ay isinagawa sa pangalang *U.P. Dictionary of Philippine Languages*. Sa sinupan ng UP, natagpuan ng mananaliksik sa mga kagamitan ni Constantino ang kahon-kahong borador ng naturang diksiyonaryo. Sa isang panayam, sinabi ni Dr. Pamela Constantino na maaaring hindi ito nailathala dahil sa malaking badyet na kinakailangan upang makapaglimbag ng tinatayang aabot sa tigsasanlibong kopya ng 25 bolyum na diksiyonaryo.

Si Constantino bilang Poklorista

Nakaangkla rin sa pag-aaral ng wika ang interes ni Constantino sa kaalaman at panitikang bayan ng mga grupong katutubo sa bansa. Isa si Constantino sa mga tagapagtatag ng UP Folklorists, Inc. (UPFI) (UPDate Diliman). Minsan na rin siyang naging tagapangulo nito noong 1963 hanggang 1965 (Pilipinas, Kultura Atbp). Sa librong *Filipino o Pilipino?: Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura* (1974) na isa sa mga pangunahing tekstong naglalaman ng mga ideya ni Constantino tungkol sa wikang pambansa, ipinakikita niya ang kahalagahan ng pagsasama sa panitikan ng mga rehiyon sa kabuuang proyekto ng pagpapaunlad ng Filipino. Hindi lamang suliraning pangwika ang ninais tugunan ni Constantino kundi pati na rin ang suliranin hinggil sa pagkakaroon ng isang pambansang literatura. Ayon kay Constantino, ang mga Pilipino’y may kakulangan sa kaalaman tungkol sa kultura ng mga rehiyon na nagreresulta sa mga negatibong pamamalakay tungkol sa kanilang mga kababayan sa rehiyon (Constantino at Sikat 33). Sa mga paaralan noong panahon ni Constantino, ang literaturang binabasa ng mga kabataang Pilipino ay karaniwang nasa dalawang wika lamang, Ingles at Tagalog, samantalang ang mga literaturang Ilokano, Cebuano, Hiligaynon, at iba pa ay nananatili sa kanilang mga rehiyon (Constantino at Sikat 34). Para kay Constantino, ang literatura ng mga rehiyon, pati na

rin ng iba pang maliliit na lingguwistikong pangkat, ay ang mga sangkap ng pambansang literatura ng Pilipinas (Constantino at Sikat 36). Kapansin-pansing ganito rin ang kaniyang konsepto ng pambansang wika—isang wikang pinagyayaman gamit ang mga umiiral na wika sa Pilipinas bilang mga sangkap. Alinsunod sa layuning makabuo ng isang pambansang literatura, naglaan din ng lakas at panahon si Constantino sa pagdodokumento, pagsasalin, at paglalathala ng mga panitikang bayan.

Noong 1982, inilathala ni Constantino ang *Isinay Texts and Translations*, ang kaniyang unang aklat ng mga katutubong panitikang bayan. Naglalaman ito ng mga tinipon at isinalin sa Ingles na mga tekstong Isinay mula sa tatlong bayan ng Nueva Vizcaya: Dupax del Sur, Bambang, at Aritao (Constantino 3). Karamihan sa mga teksto sa aklat na ito ay pasalita. Kinalap ang mga ito sa pamamagitan ng pagre-record sa mga datos mula sa mga impormanteng Isinay gamit ang tape recorder mula 1963 hanggang 1982, ngunit may ilan ding sinulat muna ng mga impormante bago ini-record (Constantino 5). Dalawa ang ginamit na pamamaraan sa pagsasalin ng mga ito sa Ingles: (1) pagsasalin muna sa Ilokano ng mga katutubong ispiker ng Isinay bago isalin ni Constantino sa Ingles (katutubong ispiker ng Ilokano si Constantino) at (2) pagsasalin ng mga katutubong ispiker mismo sa Ingles (Constantino 6). Kabilang sa mga tekstong tinipon sa aklat na ito ang mga kuwento, alamat, pabula, kasaysayang pasalita, bugtong, salawikain, awiting pangkasal at pampatulog ng bata, awiting pang-Pasko, mga autobiograpiya, talaarawan, mga sinaunang tradisyon sa kasal at kamatayan, dula, at dasal.

Nakikita rin ni Constantino ang kahalagahan ng dokumentasyon ng panitikang bayan sa preserbasyon ng wika at kulturang pinagmumulan nito. Sa pagpasok ng bagong milenyo, sumama si Constantino sa proyektong *Endangered Languages of the Pacific Rim* (ELPR) na nakabase sa Japan. Sa proyektong ito inilathala ang *Ullalim Banna: A Kalinga Epic* (2002) at *The Abduction and Wedding of Two Negrito Maidens* (2003) na ini-record at isinalin ni Constantino. Ang *Ullalim Banna* ay inawit ni Gaano Laudi ng mga Kalinga sa Dalupa, Pasil, lalawigan ng Kalinga noong Mayo 1965 na ini-record ni Constantino gamit ang isang tape recorder (Constantino 1). Isinasalaysay ng epikong ito ang kasal ni Banna sa dalawang babae mula sa dalawang magkaibang nayon—sina Laggunawa at Gassinu—na nagtalo kung sino ang

karapat-dapat na asawa ni Banna (Constantino 2). Ayon kay Constantino, unti-unti nang naglalaho ang mga panitikang oral ng mga Kalinga sapagkat itinuturing nang “endangered” ang kanilang wika, kaya nararapat lamang na ipreserba ang mga ito (*Ullalim Banna* ii). Inawit naman ang epikong *The Abduction and Wedding of Two Negrito Maidens* ni Baket Anag, isang Labin Agta Negrito mula sa Maraburab, Alcala, Cagayan noong Hunyo 1977 at ini-record gamit ang isang cassette tape recorder (Constantino v). Tulad ng ginawa ni Constantino sa *Isinay Texts and Translations*, isinalin muna sa Ilokano ang epiko sa tulong ng dalawang babaeng ispiker ng Agta na inimbitahan pa ni Constantino sa kaniyang bahay sa UP Diliman kasama ang isa pang matandang lalaking Agta (Constantino vi). Isinasalaysay sa epikong ito ang apat na kuwento ng pagdakip: (1) pagdakip sa isang dalaga at pagliligtas sa kaniya ng binatang kaniyang pakakasalan, (2) pagdakip sa lahat ng kalalakihan ng kanilang itinakwil na lalaking kapatid, (3) pagdakip sa lahat ng kababaihan na iniligtas ng kalalakihan, na ikinasal ang isang dalagang sinagip sa isa sa mga lalaking tagapagligtas, at (4) pagdakip sa isang babaeng kakakasal lamang ngunit nailigtas din ng kaniyang asawa (Constantino vii).

Makikita sa mga itinampok na panitikang bayan ang karaniwang paraang ginagamit ni Constantino sa pangangalap ng datos: imersiyon sa komunidad, paghahanap ng mga katutubong impormante na aawit sa mga panitikang bayan, at pagre-record sa mga ito gamit ang tape recorder. Para naman sa pagsasalin, kapansin-pansin ang ganitong proseso: mula sa orihinal na wika, isasalin muna ang teksto sa Ilokano, at saka isasalin sa Ingles. Dito, makikitang naging bentahe para kay Constantino ang kaniyang kaalaman sa wikang Ilokano.

Kongklusyon

Masalimuot ang naging salaysay ng wikang pambansa ng Pilipinas. Sa loob ng mahabang panahon, mula noong dekada 30 hanggang sa pagkakatakda ng Filipino bilang wikang pambansa sa Konstitusyon ng 1987, namalas ang “rehiyonalismong pangwika” ng mga Tagalog at di-Tagalog na isang pangunahing tema ng kilusan para sa wikang pambansa sa Pilipinas. Sa gitna nito, umusbong ang isang baguntaong magiging isang susing tauhan sa paghahanap ng inaasahang lunas sa sugat na dulot ng patakarang pangwikang kumiling

sa iisang pangkat lamang ng mga Pilipino. Sa gabay ng kaniyang guro at sa pamamagitan ng mga pag-unlad sa disiplina ng lingguwistika sa Estados Unidos pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nahubog ang kaisipan ng isang batang mag-aaral na magiging isa sa mga haligi ng lingguwistikang Pilipino. Ginugol ni Constantino ang kaniyang lakas at panahon sa pagiging isang propesor sa UP Department of Oriental Languages and Linguistics at sa pananaliksik tungkol sa mga wika ng Pilipinas. Sa simula pa lamang ng kaniyang karera bilang isang lingguwista, ipinamalas ng batang iskolar ang isang unibersal na pananaw tungkol sa pag-aaral ng mga wika, na, sa halip na palitawin at bigyang diin ang pagkakaiba-iba, nagsikap siyang tuklasin ang mga katangiang nagbubuklod sa mga ito. Ganito nga ang kaniyang naging lapit sa pag-aaral sa mga wika ng Pilipinas. Gamit ang mga makabagong modelo sa pag-aaral ng wika, ipinakita niyang sa kabila ng mga pagkakaibang pang-ibabaw, mayroong iisang pang-ilalim na balangkas ang mga ito.

Nang hirangin si Constantino bilang bagong tagapangulo ng UP Department of Pilipino and Philippine Literature noong 1969, hindi na napigilan pa ang kaniyang pakikibahagi sa nagising na udyok ng paghahanap ng isang pambansang pagkakakilanlan at pagkakaisa sa pamamagitan ng isang tunay na wikang pambansang kakatawan sa lahat ng mga Pilipino. Sa Kumbensiyong Konstitusyonal ng 1971–1972, itinaguyod niya ang isang wikang pambansang lilinganin sa pamamagitan ng universal approach. Ang wikang ito, kinilala bilang “Filipino,” ay itinuro na sa UP mula pa noong 1970 sa taguring “UP Pilipino” na kaiba sa Pilipino ng Surian ng Wikang Pambansa na batay sa Tagalog. Ang Filipino para sa mga lingguwista ng UP sa pangunguna ni Constantino ay ang pambansang lingua franca na umunlad, umuunlad, at patuloy na pauunlarin sa pamamagitan ng lahat ng wika ng Pilipinas. Makikita rito ang pantay na

pagpapahalaga ni Constantino sa mga katutubong wika ng Pilipinas at mga pangkat na gumagamit ng mga ito na mayroong pantay-pantay na lugar at gampanin sa paglilingan ng wikang pambansa. Kaya naman, hindi kataka-takang mabilis na inangkop sa Konstitusyon ng 1973 at sa Konstitusyon ng 1987 ang ganitong konsepto ng wikang pambansa. Isang tagapagtaguyod ng pagpaplanong pangwika, isa si Constantino sa mga nanguna sa pagpapayabong at pagpapatanggap ng wikang pambansa sa pamamagitan ng ortograpiya, diksiyonaryo, at grammar nito na inilapat niya ang kaniyang unibersal na pananaw tungkol sa wika. Binigyang diin din niya ang kalakasan ng Filipino hindi lamang para sa komunikasyon kundi bilang wika rin ng pamahalaan at pagtuturo—mga dominyong sa loob ng mahabang panahon ay pinangibabawan ng Ingles. Dahil dito, kinilala sa loob at labas ng bansa ang kaniyang mga pagpupunyagi, at maging sa kaniyang pagpanaw, patuloy siyang inaalala ng kaniyang mga kasamahan sa akademya. Pinatutunayan lamang nito ang mapagpasyang papel na ginampanan ni Constantino sa kilusang pangwika sa Pilipinas. Bukod dito, hindi rin matatawaran ang mataos na pagnanais ni Constantino na panatilihin at palaganapin ang mayamang panitikan ng mga katutubo sa pamamagitan ng dokumentasyon at paglalathala ng mga ito tungo sa pagbubuo ng pinapangarap niyang tunay na pambansang literatura.

Inaasahan na sa pangunguna ng papel na ito, maipakikilala pa ng mga susunod na pag-aaral tungkol kay Constantino ang isang Pilipinong intelektuwal na walang sawang naniwala sa kakayahan ng mga Pilipino sa pag-aaral at pagpapaunlad ng kanilang sariling wika para sa kanilang sariling pagsulong bilang isang bansa. Inaasahan ding maghahawan ng landas ang papel na ito tungo sa mas marami pang intelektuwal na talambuhay ng mga Pilipinong lingguwista at tagapagtaguyod ng wikang pambansa.

SANGGUNIAN

- Antognazza, Maria Rosa. *Leibniz: An Intellectual Biography*. New York: Cambridge University Press, 2009. Print.
- Chomsky, Noam. *Aspects of the Theory of Syntax*. Cambridge: The MIT Press, 1965. Print.
- Constantino, Ernesto. *A Generative Grammar of a Dialect of Ilocano*. Diss. Indiana University, 1959. Print.
- . *Ang Ortograp ng Wikang Filipino*. Quezon City: CSSP Publications at UP Departamento ng Linggwistiks, 1996. Print.
- . “Ang Programa sa Filipino ng U.P. at ang Bilingguwal na Edukasyon.” *Filipino o Pilipino?: Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura*. Pat. Ernesto Constantino, Rogelio Sikat, at Pamela Cruz. Quezon City: Rex Bookstore, 1974. 59–74. Print.
- . “Ang ‘Universal Approach’ at ang Wikang Pambansa ng Pilipinas.” *Filipino o Pilipino?: Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura*. Pat. Ernesto Constantino, Rogelio Sikat, at Pamela Cruz. Quezon City: Rex Bookstore, 1974. 17–31. Print.
- . *Isinay Texts and Translations*. Tokyo: Institute for the Study of Languages and Cultures of Asia and Africa, 1982. Print.
- . “Problems and Progress in the Research Project on Compiling A Universal Dictionary of Philippine Languages: The First Four Years.” *Papers from the First Asia International Lexicography Conference, Manila, Philippines, 1992*. Pat. Bonifacio Sibayan at Leonard Newel. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1994. 149–160. Print.
- . “Some Problems of Philippine Linguistics.” *Asian Studies* 1.1 (1963): 23–30. Web. 1 Feb. 2018.
- . *The Abduction and Wedding of Two Negrito Maidens*. Osaka: Endangered Languages of the Pacific Rim, 2003. Print.
- . *The Contemporary English-Filipino Dictionary*. Quezon City: EAC Center for Philippine Languages, 1999. Print.
- . *The Deep Structures of the Philippine Languages*. Quezon City: Otto Johns Scheerer Research Center for Philippine Languages at Philippine Linguistics Circle, 1970. Print.
- . “The Sentence Patterns of Twenty-Six Philippine Languages.” *Lingua* 15 (1965): 71–124. Muling inilimbag sa Gonzalez, Andrew, Teodoro Llamzon, at Fe Otones. *Readings in Philippine Linguistics*. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1973. 288–333. Print.
- . *Ullalim Banna: A Kalinga Epic*. Osaka: Endangered Languages of the Pacific Rim, 2002. Print.
- Constantino, Ernesto at Rogelio Sikat. “Ang Pagbuo ng Pambansang Literatura ng Pilipinas.” *Filipino o Pilipino?: Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura*. Pat. Ernesto Constantino, Rogelio Sikat, at Pamela Cruz. Quezon City: Rex Bookstore, 1974. 32–45. Print.
- Constantino, Ernesto, Rogelio Sikat, at Pamela Cruz. “Editorial.” *LITERATURA ng Pilipinas* 1.1 (Enero 1974): i–v. Print.
- . “Introduksiyon.” *Filipino o Pilipino?: Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura*. Pat. Ernesto Constantino, Rogelio Sikat, at Pamela Cruz. Quezon City: Rex Bookstore, 1974. 11–13. Print.
- Constantino, Pamela. *Pagpaplanong Pangwika tungo sa Modernisasyon: Karanasan ng Malaysia, Indonesia at Pilipinas*. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 1991. Print.
- . Personal na Panayam. 7 Pebrero 2018.
- Cooreman, A. at D. Goyvaerts. “Universals in Human Language: A Historical Perspective.” *Revue belge de philologie et d’histoire* 58.3 (1980): 615–638. Web. 17 Abr. 2018.
- FamilySearch. “Ernesto A Constantino and Pamela D Cruz, 06 Nov 1977 Marriage, ‘Philippines Civil Registration (National), 1945-1984.’” 23 Feb. 2020. Web. 23 Feb. 2020. <https://familysearch.org/ark:/61903/1:1:QLFC-J5WV>.
- Fortunato, Teresita. “Ortograpiyang Filipino: Isang Pag-aaral sa Istandardisasyon ng Wika.” *Malay* 9.1 (1991): 38–47. Web. 24 Hul. 2020.
- Gaukroger, Stephen. *Descartes: An Intellectual Biography*. Oxford: Oxford University Press, 1995. Print.
- Gonzalez, Andrew. *Language and Nationalism: The Philippine Experience Thus Far*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1980. Print.
- Gonzalez, Andrew at Wilfrido Villacorta. *The Language Provision of the 1987 Constitution of the Republic of the Philippines*. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 2001. Print.
- John Simon Guggenheim Memorial Foundation (JSGMF). “Ernesto Constantino.” 23 Feb. 2020. Web. 23 Feb. 2020. <https://www.gf.org/fellows/all-fellows/ernesto-constantino/>.
- Kaplan, Robert at Richard Baldauf Jr. *Language and Language-in-Education Planning in the Pacific Basin*. Dordrecht: Springer, 2003. Print.
- Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (LWP). *Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas*. Pasig: Linangan ng mga Wika sa Pilipinas, 1991. Print.
- Nerney, Paul. Rebyu ng *Language and Nationalism: The Philippine Experience Thus Far*, ni Andrew Gonzalez. *Journal of Southeast Asian Studies* 20 (1989): 356–358. Web. 29 Ago. 2020.
- Orara, Jovita. *Ang Papel ng UP sa Kilusan para sa Wikang Pambansa*. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 1993. Print.

- Ortiz, Will. "Unfinished English: Stories from the Other Other." *Doing English in Asia: Global Literature and Culture*. Pat. Patricia Haseltine at Sheng-mei Ma. London: Lexington Books, 2016. 29–52. Print.
- Paz, Consuelo, Viveca Hernandez, at Irma Peneyra. *Ang Pag-aaral ng Wika*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2003. Print.
- Pickering, Mary. *Auguste Comte: An Intellectual Biography*. Tomo 1. New York: Cambridge University Press, 1993. Print.
- Pilipinas, Kultura Atbp. "Ernesto Constantino Curriculum Vitae." 26 Abr. 1999. Web. 23 Feb. 2020. http://www.languagelinks.org/oldsite/book/authors_econst.html.
- Republika ng Pilipinas (RP). "1973 Constitution of the Republic of the Philippines." *Official Gazette of the Republic of the Philippines*. Republika ng Pilipinas, n.d. Web. 21 Hul. 2020. <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1973-constitution-of-the-republic-of-the-philippines-2/>
- .. "DO 81, s. 1987 - Ang Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino." *Department of Education*. Republika ng Pilipinas, n.d. Web. 24 Hul. 2020. <https://www.deped.gov.ph/1987/08/06/do-81-s-1987-paggamit-ng-katagang-filipino-sa-pagtukoy-sa-wikang-ng-pilipinas/>
- Ringer, Fritz. *Max Weber: An Intellectual Biography*. Chicago: The University of Chicago Press, 2004. Print.
- Specter, Matthew. *Habermas: An Intellectual Biography*. New York: Cambridge University Press, 2011. Print.
- Stowell, Tim. "Mentalism and Universals in *Aspects*." *50 Years Later: Reflections on Chomsky's Aspects*. Pat. Angel Gallego at Dennis Ott. Cambridge: MIT Working Papers in Linguistics, 2015. 249–254. Web.
- Surian ng Wikang Pambansa (SWP). "Ang Alpabeto at ang mga Tuntunin sa Pagbabaybay ng Wikang Pambansa ng Pilipinas." *Filipino o Pilipino?: Mga Bagong Babasahin sa Pambansang Wika at Literatura*. Pat. Ernesto Constantino, Rogelio Sikat, at Pamela Cruz. Quezon City: Rex Bookstore, 1974. 173–176. Print.
- .. *Balarila ng Wikang Pambansa*. Manila: Kawanihan ng Palimbagan, 1944. Print.
- The Constitutional Commission of 1986. *Record of the Constitutional Commission: Proceedings and Debates*. Tomo 4. Quezon City: Republic of the Philippines, 1986. Print.
- The LAWPHiL Project. "R.A. 6132." 23 Sept. 2019. Web. 23 Feb. 2020. https://www.lawphil.net/statutes/repacts/ra1970/ra_6132_1970.html.
- University of the Philippines (UP). *Agenda for the 222nd Meeting of the University Council, January 25, 1964*. Quezon City: University of the Philippines, 1964. Print.
- .. *Agenda for the 223rd Meeting of the University Council, April 28, 1964*. Quezon City: University of the Philippines, 1964. Print.
- .. *Agenda for the 224th Meeting of the University Council, August 1, 1964*. Quezon City: University of the Philippines, 1964. Print.
- .. *Minutes of the 1057th Meeting of the Board of Regents, January 25, 1993*. Quezon City: University of the Philippines, 1993. Print.
- .. *Minutes of the 561st Meeting of the Board of Regents, February 27, 1953*. Quezon City: University of the Philippines, 1953. Print.
- .. *Minutes of the 589th Meeting of the Board of Regents, April 23, 1955*. Quezon City: University of the Philippines, 1955. Print.
- .. *Minutes of the 622nd Meeting of the Board of Regents, September 25, 1956*. Quezon City: University of the Philippines, 1956. Print.
- .. *Minutes of the 635th Meeting of the Board of Regents, June 28, 1957*. Quezon City: University of the Philippines, 1957. Print.
- .. *Minutes of the 651st Meeting of the Board of Regents, June 30, 1958*. Quezon City: University of the Philippines, 1958. Print.
- .. *Minutes of the 663rd Meeting of the Board of Regents, August 24, 1959*. Quezon City: University of the Philippines, 1959. Print.
- .. *Minutes of the 672nd Meeting of the Board of Regents, April 12, 1960*. Quezon City: University of the Philippines, 1960. Print.
- .. *Minutes of the 705th Meeting of the Board of Regents, February 8, 1963*. Quezon City: University of the Philippines, 1963. Print.
- .. *Minutes of the 732nd Meeting of the Board of Regents, March 12, 1965*. Quezon City: University of the Philippines, 1965. Print.
- .. *Minutes of the 742nd Meeting of the Board of Regents, January 27, 1966*. Quezon City: University of the Philippines, 1966. Print.
- .. *Minutes of the 743rd Meeting of the Board of Regents, February 18, 1966*. Quezon City: University of the Philippines, 1966. Print.
- .. *Minutes of the 748th Meeting of the Board of Regents, July 22, 1966*. Quezon City: University of the Philippines, 1966. Print.
- .. *Minutes of the 763rd Meeting of the Board of Regents, October 19, 1967*. Quezon City: University of the Philippines, 1967. Print.
- .. *Minutes of the 770th Meeting of the Board of Regents, May 17, 2017*. Quezon City: University of the Philippines, 1968. Print.
- .. *Minutes of the 779th Meeting of the Board of Regents, January 31, 1969*. Quezon City: University of the Philippines, 1969. Print.
- .. *Minutes of the 780th Meeting of the Board of Regents, March 25, 1969*. Quezon City: University of the Philippines, 1969. Print.

- . *Minutes of the 788th Meeting of the Board of Regents, October 30, 1969*. Quezon City: University of the Philippines, 1969. Print.
- . *Minutes of the 842nd Meeting of the Board of Regents, February 28, 1974*. Quezon City: University of the Philippines, 1974. Print.
- UPDate Diliman. "Constantino remembered." 30 Ago. 2016. Web. 23 Feb. 2020. <https://upd.edu.ph/constantino-remembered/>.
- Villacorta, Wilfrido. "The Dynamics and Processes of Writing the 1987 Constitution." *Philippine Journal of Public Administration* 32.3-4 (1988): 299-309. Web. 24 Mar. 2018.
- Wickberg, Daniel. "Intellectual History vs. the Social History of Intellectuals." *Rethinking History*, 5.3 (2001): 383-395. Web. 22 Ago. 2020.
- Yabes, Leopoldo. *Let's Study the New Constitution: The Language Provision*. Quezon City: University of the Philippines, 1973. Print.